


# MGA HEBREO, UNANG KABANATA

 At upang makapagbigay ng kahit—kahit kaunti lang . . . Sa palagay ko’y wala na kasing hihigit pa, para sa akin, kaysa sa Salita. “Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at sa pakikinig ng Salita ng Diyos.”

<sup>2</sup> Sa darating na mga Miyerkules, at marahil sa darating na mga Linggo, isa sa mga gawain ng Linggo, makapagpapahinga ang ating pastor nang kaunti, na nararapat namang talaga para sa kanya, at naisip kong bakit hindi tayo tumalakay ng isang Aklat sa Biblia. Ginagawa na natin ito dati, at kung minsan pa nga tinututukan natin iyon nang buong taon.

<sup>3</sup> Naalala ko nga noong tumutok tayo nang isang buong taon sa Aklat ng Apocalipsis. Hayan nga’t, oh, naku, napakarami nating natutunan doon, at napakainam talaga nun! Pagkatapos umatras tayo at tinalakay naman natin ang Aklat ng Daniel, ang Aklat ng Genesis, ang Exodo, at tinugaygay natin ang mga iyon, kabanata sa kabanata, at sadyang ang buong Biblia ay magkakalakip-lakip. Oh, gustong-gusto ko talaga ang ganito!

<sup>4</sup> Sa ilang saglit, sisimulan na nating talakayin ang . . . Kung ang Panginoon ay patuloy na magpala at makapagpatuloy tayo, tatalakay tayo ng ilang tunay na malalalim na mga bagay rito, tunay na malalalim. At tutugaygay tayo sa iba’t ibang dako, ng buong Kasulatan, patungkol dito.

<sup>5</sup> At nais kong paglakip-lakipin ang Kasulatan sa Kasulatan. Ganoon dapat kasi ito. Ito ay sadyang magiging isang malaki’t napakagandang larawan. At sa Aklat ngang ito na pag-aaralan natin, marami tayong matatalakay, oh, ang kaligtasan, at ang Makalangit na kagalingan, at mga himala, at mga pagpapala. At, oh, matatalakay nating lahat dito.

<sup>6</sup> At marahil dito naman sa usapin kung makapagdadaos ako ng mga pagtitipon . . . hindi ko alam kung kailan ako luluwas sa isang pagtitipon, tatawagin sa isang pagtitipon, dahil sa hindi naman ako nagtatakda ng anuman hanggang sa madama ko ang katawagang gumagabay sa akin upang gawin ang isang bagay. At maaaring ang tawag na ’yun ay bago mag-umaga, maaari namang lumipad ako sa California, dili kaya sa Maine o sa isang lugar, kung saan Niya ako tatawagin. Iyan nga po ang dahilan kung bakit hindi ako nakapagtatakda ng malakihan, at mahahabang itineraryo, sapagkat hindi ko naman maaaring gawin iyon. Hindi kasi ganoon ang pagkakadiseno ng aking ministryo, at ito nga’y sadyang ibang-iba.

7 At ngayon nga'y kauwi ko pa lang para makapagpahinga nang kaunti. Nabawasan ako ng dalawampung libra, buhat nang huli kong pagtitipon. At napansin nga nina Kapatid na Mercier at Kapatid na Goad, kanina riyan, at sabi, "Kapatid na Branham, batid ko ang ginagawa mo. Talagang ibinubuhos mo ang buong puso mo rito."

8 Sabi ko, "Sa ganoong paraan ka lamang kasi makagagawa ng tamang paglilingkod para sa Panginoon, ang ibuhos mo ang lahat ng mayroon ka sa iyong harapan para kay Cristo; ang buong lakas mo, ang buong kaluluwa mo, ang buong puso mo, ang buong pag-iisip mo, ang lahat ng mayroon ka." Kapag gagawa ka kasi ng anumang bagay, gawin mo ito nang tama o dili kaya huwag mo na lang gawin ito, kita n'yo, hayaan mo na lang. Kung nagnanais kang maging Cristiano, ibuhos mo na ang lahat ng mayroon ka kay Cristo, kasama na riyan, ang iyong panahon, ang iyong talento, ang lahat ng mayroon ka.

9 Naalala ko tuloy ang isang kapatiran natin dito. Ang iyong maybahay, Kapatid na Burns, hindi nga ba, tumutugtog at umaawit siya, kayong mag-asawa. At—at hindi naman 'yun piyano, hindi rin naman 'yun organ, para 'yung isang uri ng instrumento, na kinakaskas at kinakalabit, at nakagagawa sila ng dakilang bagay gamit 'yun para sa Panginoon. Kaya nga kung nakatutugtog kayo ng ganun, at nakaawit pa, 'yun ay, pag-akay na sa mga kaluluwa. Gumawa kayo ng isang bagay, kahit ano. Kung marunong kayong—kayong sumipol, buweno, sumipol kayo. Gumawa kayo ng isang bagay. Magpatotoo kayo o gumawa ng anumang bagay para sa Kaharian ng Diyos. Anumang mayroon kayo, gamitin n'yo iyon sa gawain ng Diyos.

10 Ngayon, hindi tayo masyadong magpapakatagal, dahil nga alam kong may trabaho pa kayo. Kailangan ninyong bumangon nang maaga. At ako naman mangangaso ako ng squirrel sa mga susunod na umaga. Sinasabi ko lang po sa inyo ang totoo. Siyanga po 'yun po ang ginagawa ko. Iyon po ang ginagawa ko sa tuwing uuwi ako, ang makapagpahinga nga nang kaunti. At kaya naman ako'y gigingis, nang mga alas kuwatro, at pupunta ako roon sa kakahuyan at, tapos, mangangaso nang kaunti at babalik uli sa pagtulog. At bahagya ko na ngang nababawi ang timbang ko, kaya naman makababawi na rin ako ng pahinga, sa loob ng ilang mga araw, kung inyong. . .kung loloobin ng Panginoon. At ang lahat nga'y magiging mabuti pa rin.

11 Buweno, ngayon, buksan na po natin ang ating mga Biblia. Nais kong dalhin ninyo ang inyong mga Biblia gabi-gabi, para inyong. . .kung magagawa n'yo pong laging dalhin. Kung wala naman po, at nais n'yo sanang sundan ang ating pagbasa, may mga ilan po tayo rito, papupuntahin natin riyan. . .ang ating mga usher para mapahiram po kayo. Mayroon po bang may gusto? Buweno, itaas n'yo lang po ang inyong kamay.

12 Maaari siguro Kapatid na . . . Doc, sige kunin mo itong mga Biblia rito. Nakatayo ka kasi sa malapit, at Kapatid na Burns naman. Tama ba 'yun, Burns? Tama ba ang pagkakarinig ko . . . [Sinabi ng kapatid na lalaki, "Conrad."—Pat.] Ano po uli 'yun? ["Conrad."] Conrad. Tinawag ko siyang . . . Medyo nahihirapan na yata akong makarinig, palagay mo, Kapatid na Neville. Bakit ko nga ba siya natawag na Burns? Kilala ko siya sa mukha, pero sadyang hindi ko, hindi ko maalala ang pangalan niya kanina.

13 At alam n'yo, habang unti-unti nang tumatanda ang isang tao, natitiyak ko ang isang bagay, mas nahihirapan na akong makapagbasa sa Bibliang ito. At sadyang hindi ko lubos maisip na kailangan ko nang magsuot ng salamin, para makapagbasa ng Biblia.

14 Kaya naman, sa lugar na ito hindi pa ganoong katagalan, ang akala ko'y tuluyan na akong mabubulag. At nakipagkita nga ako noon kay Sam. At sabi ni Sam, "Bill, pasensya na." Sabi, "Ikukuha na lang kita ng iskediyul sa isang espesyalista."

15 Nagpunta ako ng Louisville. Iyon marahil ay kalooban ng Panginoon. May isang kilalang espesyalista roon; nakalimutan ko lang ang pangalan niya. Pero nakapagbasa na ng aklat ko. At sabi niya, "Kung babalik ka uli sa Aprika, gusto ko sanang sumama sa'yo." Sabi niya, "At kung babalik ka . . . mamahalin ka ng mga taga-Aprika." At sabi pa, "Napakamapamahiin pa naman nila, lalung-lalo na pagdating sa pago-opera, kung anuano na lang ang binubusbos. Kaya," sabi, "nais kong ilagi ang anim na buwan ng buhay ko, para makapag-opera ng katarata roon at ng iba pang sakit, para rito . . . sa pagmimisyon." Tapos sabi, "Kung sabay tayong makadadayo roon, at mapapalagay mo ang loob nila, makukuha ang tiwala nila." Sabi, "Kung may katarata sila at may kailangang ayusin sa kanilang mga mata," sabi, "Ikinagagalak kong ibigay ang serbisyo ko, nang libre, sa loob ng anim na buwan." At huwag n'yo na sa akin ipaalala kung gaanong kahirap makakuha ng iskediyul mula sa kanya.

16 At naupo na kami roon sa isang maliit na silid at binuksan na niya 'yung munting—munting pulang ilaw, doon sa madilim na silid na iyon. Aba, nababasa ko naman ang mga letra roon. Nasa twenty-twenty iyon. Nababasa ko pa rin iyon saan mang linya ako mag-umpisa. At inilipat niya iyon sa fifteen-fifteen, at basang-basa ko pa rin. At inilagay niya naman iyon sa ten-ten, at nababasa ko pa rin. Sabi niya, "Buweno, wala namang ganoong kalaking problema sa mga mata mo."

17 Pagkatapos naglabas siya ng isang uri ng antipara. May isinilid siya roong maliit na aparato, napakaliit na bagay, alam n'yo po. Yung mga lumang antipara gaya nun, ilan po ba rito ang nakaaalala sa mga iyon? Gamit-gamit natin iyon dati, para sumilip sa mga maliliit na litrato, gaya ng pinagagawa sa akin. Tapos sabi niya, "Nababasa mo ba 'yan?"

Sabi ko, “Opo, ginoo.”

Sabi niya, “Sige basahin mo sa akin.”

<sup>18</sup> Sinilidan niya iyon kanina ng isang, oh, isang buong talata, mga *ganitong* kalaki lang. Sinimulan kong, basahin iyon; tapos unti-unti niyang nilalapit 'yun, nang *paganoon*, pabagal na ako nang pabagal. Nung *ganito* na lang siyang kalapit, huminto na ako. Sabi niya, “Isang bagay lang ang natitiyak ko, lampas ka na ng kuwarenta.”

Sabi ko, “Opo, ganun na nga po, lampas na lampas na nga kung tutuusin.”

<sup>19</sup> Sabi niya, “Ngayon kung bakit ganun?” Sabi niya, “Ang mata kasi ng tao, likas 'yan, kapag tumungtong ka na ng kuwarenta, gaya ng pagputi ng buhok, at ng iba pang bagay, umiimpis ang bola ng mga mata mo.” Sabi pa, “Ngayon, kung mabubuhay ka nang mahaba-haba, babalik uli iyon sa dati.” Sabi niya, “Pangalawang paningin, 'yan ang tawag nila riyan. Ngayon naman,” sabi, “ang isang tao, kung nasa mga kwarenta anyos na siya, normal lang 'yun . . .” Sabi, “Walang problema sa mga mata nila.”

<sup>20</sup> Nakikita ko—ko pa rin ang hibla ng buhok na nalaglag sa sahi, kahit gaanong kalayo 'yun sa akin. Pero iba na kapag malapit lang 'yun sa akin . . . At sabi niya, “Ngayon, sa tuwing babasa ka sa iyong Biblia,” sabi, “diba inilalayo mo ito sa iyo.” Sabi, “Darating ang oras, na kakapusin na ang haba ng braso mo, hanggang sa hindi—hindi mo na maaaring ilayo pa ito nang hawak-hawak mo pa rin ito.”

<sup>21</sup> At kaya iginawa na niya ako ng isang pares ng salamin, at 'yung ibabang bahagi nun, para iyon sa aking pagbabasa. Sabi niya, “Ngayon, dun sa pulpito . . .” Iniisip niya sigurong kagaya ako ng mga mangangaral na kapita-pitagan ang dating, alam n'yo. At kaya sinabi niya . . . sa akin . . . Ang itaas na bahagi ay karaniwang salamin lang gaya nung sa bintana, karaniwang salamin lang 'yun. At 'yung ibabang bahagi naman ay pinino, para makabasa ako nang malapitan, alam n'yo, kahit *ganito* kalapit. Kaso talagang ayaw ko lang isuot ito; siyanga po.

<sup>22</sup> At ngayon, dadako na tayo sa pagtuturo ng Biblia, heto nga't gagamit ako ngayong gabi nitong Bagong Tipan. Ito nga po'y . . . Isa po itong Bagong Tipan na Collins at malalaki ang mga letra nito. Pero minsan, kapag kailangang-kailangan kong tumingin dito sa dati kong gamit, sasangguni ako—ako sa mga luma kong gamit na matagal-tagal ko na ring kasa-kasama sa paghayo, at—at babasa tayo mula sa mga iyon. Subalit ganito man, nagagalak pa rin akong—akong mayroon akong—akong nagagamit sa pagbabasa. At—at—at anuman ang mayroon ako, ibibigay ko sa inyo ang lahat ng makakaya, sa ikaluluwalhati ng Diyos, at nawa'y alisin Niya ang senyales ng nagkaka-edad. Hindi ko mahihiling sa Kanyang alisin ang edad ko. Ako . . . Oo,

'yun ay isang bagay na kinakailangan nating lahat pagdaanan. Daranas tayo ng ganun. At alam kong hindi na ako batang paslit gaya dati, sa aking pagkakatayo rito sa entablado. Ako'y kuwarenta y otso na. At naiisip ko nga, dalawang taon na lang, magsi-singkuwenta na ako, Kapatid na Mike.

<sup>23</sup> Naku, halos hindi talaga ako makapaniwala! Nito lang... Nito lang nakaraang dalawang taon ko namalayang lampas beinte na pala ako. Siyanga. Ganoon nga. Hindi ako...Hindi talaga ako makapaniwala. At sa kabila niyan ako—ako...hindi ako makapaniwala hanggang magsimula na akong gumamit nitong salamin, at saka ko—ko lang tanggap na matanda na pala ako, ngayon. Pero—pero sa panlabas lang ito, singbuti pa rin ang pakiramdam ko gaya ng dati, at pinasasalamatan ko 'yun, nang lubos. Mabalik nawa ang lahat ng papuri sa Diyos.

<sup>24</sup> Ngayon, dadako na tayo sa pag-aaral natin sa Aklat ng Mga Hebreo. Ito'y...Oh, isa nga ito sa mga pinakamalalalim, at pinakasaganang Aklat ng Biblia. Natitiyak ko sa inyo, ito'y isang Aklat na talagang magiging...Kung ipahihintulot ng Diyos, at matatalakay natin ito nang lubos, naniniwala akong makasusumpung tayo rito ng mga ginintuang butil na magbubunsod sa ating sumigaw ng mga papuri sa Diyos sa tuwina. At ngayon aking...

<sup>25</sup> Ang Aklat ng Mga Hebreo, kung ano nga po Ito, Ito'y ipinapalagay na isinulat ni San Pablo, ang pinakadakilang tagapagpaliwanag ng Biblia, sa aking palagay, na nabuhay sa mundong ito, maliban sa ating Panginoong Jesus Cristo. At dun hinihiwalay ni Pablo ang...Ngayon po, si Pablo ay isang tunay na tagapagturo ng Biblia; na sa panahong iyon, ang Lumang Tipan pa lang. Iyon pa lamang ang tanging naisusulat na Aklat noon, na maituturing na Biblia. At may nais siyang ipakita sa Mga Hebreo, sa pamamagitan ng paghiwalay sa Lumang Tipan at pagpapakita na ang Lumang Tipan ay anino o tipo nitong Bago.

<sup>26</sup> Diyan mismo ay maaari tayong maglagay ng marka para mabalik-balikan at maaari rin tayong makapanatili sa isang kaisipan na iyan sa loob ng tatlong buwan, sa isang bagay na iyan. Babalik-balikan natin 'yan, at kung maaari po'y buksan na natin ang ating mga Biblia ngayon, dito po sa Mga Hebreo, sa unang kabanata. Pero kung bubuklat po tayo sa Apocalipsis, sa ika-12 kabanata, makikita n'yo po rito nang malinaw, kung papaanong may mga anino. Kung...mayroon kayong lapis ay ilista n'yo po ang Mga Kasulatan. Sa Mga Heb-...

<sup>27</sup> Sa Apocalipsis 11, nakita natin dun na si Juan, sa isla ng Patmos, ay nakakita ng isang babaing nakatayo sa langit, at ang araw ay nasa kanyang ulo at ang buwan ay nasa ilalim naman ng kanyang mga paa. At ang babae ay nagdaramdam, dahil magsisilang na siya ng anak. Nagsilang siya ng isang anak

na lalaki. Tumayo ang dragong mapula, upang lamunin ang anak pagkapanganak dito. At ang—ang anak ay inagaw at dinala sa Langit, at tumakas ang babae sa ilang kung saan siya kinandili roon nang isang panahon, panahon, at kalahati ng panahon, o isang hati ng panahon.

<sup>28</sup> Ngayon, ang babae ay kumakatawan sa iglesya, at ang Anak na kanyang iniluwal ay si Cristo. Ang buwan sa ilalim ng kanyang mga paa ay ang kautusan, at ang araw sa kanyang ulo ay biyaya. Ang labindalawang bituwin sa kanyang putong ay ang labindalawang apostol. At doon nga, mula roon. . . Ang labindalawang apostol ay ang kaluwalhatian o pagpuputong ng Bagong Tipan. Kita n'yo? “Sapagkat wala nang mailalagay na iba pang pinagsasaligan kundi ang nalalagay na.” Kita n'yo? Ito, itong Tatagang-Baon na pinagsasaligan, ang—ang Bagong Tipan, ang mga apostol, ang Doktrina ng mga apostol, at ang mga bagay ngang ito, ito'y ang putong na pinagsasaligan ng Bagong Tipan. At ngayon naman. . .

<sup>29</sup> Ang buwan ay anino ng araw. Ipinanaaninag lamang ng araw ang liwanag nito kapag nasa likuran ito ng mundo. At nagliliwanag ang buwan, upang makapaglakad tayo, sa gabi. At napakagandang larawan nga nito, at ito pa po ang isa pang napakagandang larawan: ang araw ay kumakatawan kay Cristo; ang—ang buwan ay kumakatawan sa Iglesya. Sila ay tila ba mag-asawang lalaki at babae. At habang wala si Cristo, nagpapaaninag ang Iglesya ng mas maliit na Liwanag, ang Ebanghelyo. At iyon—iyon nga ang Liwanag na malalakaran hanggang sa sumikat na muli ang Anak, at pagkatapos niyan ang Iglesya at ang Anak, ang buwan at ang araw, ay magiging isa. Kita n'yo? Ang buwan ay bahagi ng araw, at ang Iglesya ay bahagi ni Cristo. At habang wala si Cristo, pinapaaninag ng Iglesya ang Kanyang Liwanag. At kung papaanong sintiyak na nakikita nating nagliliwanag ang buwan, natitiyak din nitong nagliliwanag naman ang araw sa kabilang dako. At hangga't pinapaaninag ng Iglesya ang Liwanag ni Cristo, si Cristo ay tiyak na narooing buhay sa kabilang dako. Amen. Isipin n'yo po iyon.

<sup>30</sup> Ngayon, ang kautusan ay tipo ng biyaya, ngunit walang kapangyarihang magligtas ang kautusan. Ang kautusan ay isa lamang. . . Ang kautusan ay isang pulis. Taga-kulong ang pulis sa bilangguan, subalit, kita n'yo, kinakailangan ng biyaya para mapalaya kayo mula sa bilangguan. Nasusunodan n'yo po ba?

<sup>31</sup> Kaya naman ang Dugo ni Cristo, ang Ebanghelyo, ang siyang nagpalaya sa atin sa kasalanan. Ginagawa lang tayong makasalanan ng kautusan. Sasabihin ng kautusan, “Isa kang makasalanan. Huwag kang magnanakaw. Huwag kang mangangalunya. Huwag kang magbibintang.” Kita n'yo? Ito'y isang pulis na nagsasabing mali ka at ika'y nagkasala. Subalit ang Ebanghelyo ay ang mabuting balita. Namatay si Cristo upang iligtas tayo sa lahat ng ating mga pagkakasala, at mga

pagsalangsang sa kautusan. Namatay si Cristo upang mapalaya tayo.

<sup>32</sup> Ngayon, si Pablo, pagkatapos niyang mabago, hindi siya kailanman sumangguni sa anumang seminaryo, ni sumangguni sa kung sinong ministro. Subalit napansin n'yo ba? Nagtungo siya roon sa Arabia, at nanatili siya roon nang tatlong taon, sa Arabia. Ngayon, ito ay, sa aking paniniwala, isang . . .

<sup>33</sup> Bago ang lahat, kakailanganin natin ang isang pambungad na tagpo, upang maunawaan natin ang kahalagahan nito. At para sa una nating aralin, ngayong gabi, tatalakayin natin ang ating pambungad na tagpo.

<sup>34</sup> Ngayon, si Pablo ay isang napakahusay na tagapagturo ng Biblia, dahil nakapagsanay siya sa gabay nung napakahusay, at walang katulad ang katanyagang si Gamaliel. At isa siya sa mga pinakakilala nung panahong iyon, ito ngang napakahusay na tagapagturo ng kautusan at ng mga propeta. Kaya nga, si Pablo ay aral na aral pagdating sa ganitong mga bagay.

<sup>35</sup> At kaya naman nagustuhan ko siya sa ganitong kalagayan, sa dakilang kapahayagang ito, sa pagiging matapat sa kanyang puso, na isa nga siyang mamamatay-tao, na sumang-ayon sa pagpatay kay Esteban at sumaksi pa nga kay Esteban habang nakahandusay siya roon sa ilalim ng mga bato at mga tipak ng lupang ibinato sa kanya hanggang siya'y mamatay. Sa palagay ko'y naantig si Pablo noong makita niyang itinaas ni Esteban ang kanyang mga kamay sa Langit, at nagsabi, "Nakikita kong bukas ang Kalangitan. Nakikita ko si Jesus na nakatinding sa kanan ng Diyos." At sabi niya, "Ama, huwag Mong iparatang sa kanila ang kasalanang ito." At nakatulog siya.

<sup>36</sup> Napansin n'yo ba? Hindi po siya namatay. Nakatulog lang siya. Kagaya 'yun . . . Naniniwala akong wala siyang nadama ni isang bato. Kagaya lang 'yun ng isang sanggol na nakahilig sa dibdib ng kanyang ina, at nakatulog, si Esteban ay nakatulog sa mga bisig ng Diyos.

<sup>37</sup> May kung anong bagay, kay Pablo, na nakaantig sa kanya. Pagkatapos nun, gaya ng sinumang taong may nagningas na paniniwala, na kumalaban Rito, kanyang tinungo ang punong saserdote at humingi ng pahintulot. Sabi, "Dadapkin ko ang lahat ng mga taong iyon na gumagawa ng sari-saring ingay roon, at ang mga ereheng naroon;" na kung ituring noon, gaya ng tawag natin ngayon, mga "radikal na panatiko," o parang ganoon, na gumagawa ng sari-saring ingay at nagdudulot ng kaguluhan. "Pupuntahan na namin 'yun at tatapusin sila."

<sup>38</sup> At sa daan papunta roon, sa maalikabok at maliit . . . wala pa noong malalapad na lansangan gaya ng nilalakbayan natin ngayon. At 'yung mga daan doon sa Palestina, maliliit na daan lamang ang mga iyon, gaya nung dinaraan ng nagpapastol sa loob ng kakahuyan kung saan ang mga baka, at ang mga tupa,

at ang mga kabayo, at ang mga asno, at ang mga kamelyo, ay pinaparaan sa ibabaw ng mga burol.

<sup>39</sup> At si Pablo, sa kanyang pagpunta sa Damasco, mga nasa katanghaliang-tapat, nung araw na iyon, isang napakalaking Ilaw ang suminag at sinubasob siya sa lupa. Walang nakakita Roon kundi si Pablo lamang. Nais kong pansinin n'yo iyon. At dito mismo, hindi ito ganang akin lang, tutumbukin na natin ngayon ang pambungad nating tagpo kanina. Malalaman n'yo ngayon na ang siya ring Jesus doon. . .

<sup>40</sup> Ngayon, noong naririto pa Siya sa lupa, sinabi Niya, “Nagbuhat Ako sa Diyos, at Ako’y paroroon muli sa Diyos.”

<sup>41</sup> Ngayon, noong pinangunahan Niya ang mga anak ni Israel, Siya yaong Haliging Apoy roon. At Siya ay nagkatawang-tao, tapos pumaroon Siyang muli sa siya ring Haliging Apoy roon. At noong katagpuin Niya si Pablo sa daan patungong Damasco, Siya yaong Haliging Apoy na naroon, ang Ilaw na naroon, kita n'yo, isang napakaliwanag na Ilaw. At nagsalita si Pablo, “Sino Ka baga na aking pinag-uusig?”

<sup>42</sup> Sinabi Niya, “Ako’y si Jesus, na iyong pinag-uusig,” yaong Ilaw. Oh, hindi ba’t Siya’y kahanga-hangang talaga? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

<sup>43</sup> At narito rin Siya, ngayong gabi, narito mismo at kasama natin. Ayan po nakuhanan Siya ng litrato, ang siya ring Bagay, nakikita n'yo po ba, Haliging Apoy, Ilaw, hindi Siya kailanman nagbabago, “Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.”

<sup>44</sup> Ngayon hindi nakita ng mga lalaking kasa-kasama niya yaong Ilaw na naroon, subalit naroon at naroon pa rin Iyon balik-baliktarin man ang pangyayari. Naroon at naroon pa rin.

<sup>45</sup> Ngayon, posible ba na—na may makakakita kay Cristo sa gusaling ito pero wala nang iba pang makakakita sa Kanya? Oo naman. Nangyari iyon doon.

<sup>46</sup> Nangyari na rin iyon isang gabi noong nabilanggo si Pedro. At nagpakita yaong Ilaw sa bilangguan, at ginising si Pedro, at nilampasan niyon ang bantay sa looban, ang bantay sa labasan, nilampasan niyon ang pintuan, ang mas malaking pintuan, at pati ang pintuang bayan. Sinabi ni Pedro, “Marahil panaginip ito.” Pero nung tumingin siya sa palibot, hayan nga’t wala na ang Ilaw; si Cristo, ang Walang Hanggan, at magpakailanmang Liwanag. Naroon nga Siya. Ngayon, sa daan patungong. . .

<sup>47</sup> At tingnan n'yo, isa pang bagay, nais kong pag-usapan din natin ito, biglang pumasok ito sa isip ko. Iyon ngang mga lalaking pantas na sumunod sa Talang iyon, kaylayo pa ng pinanggalingan doon sa India, sa Silanganan, mga buwan, ang paglalakbay sa mga lambak at mga disyerto (nilampasan ang mga obserbatoryo; at sinusundan nila ang takbo ng oras sa gabi sa pamamagitan ng mga bituwin) at walang mananalaysay ng



kasaysayan o sinuman ang nagbanggit na nakakita sa Talang iyon kundi ang mga lalaking pantas lang. Sadyang nakatalaga para sa kanila ang makakita Roon.

<sup>48</sup> Kaya maaari kayong makakita ng mga bagay na maaaring hindi nakikita ng ibang tao. Sa inyo, Ito'y isang realidad. Sa kanya, wala silang anumang pagkaunawa rito. Kagaya na lang ng pagbabago ng buhay mo; maaaring mabago ang buhay mo at tamasahin ang mga pagpapala ng Diyos, sadyang—sadyang magpakapuno sa mga biyaya ng Diyos. At ang katabi mo, sa upuan sabi, “Wala naman akong nakikita.” Kita n’yo? Kita n’yo? Ganoon nga ito. “Hindi ko talaga maunawaan. Hindi ko makita kung tungkol ba saan ang lahat ng ito.” Buweno, hindi niya lang talaga Ito nauunawaan. Ganoon lang ’yun. Wala siya, sa kalagayan mo.

<sup>49</sup> Pansinin n’yo ngayon, si Pablo sa kanyang pagtungo roon. At pagkatapos niyang magkaroon nitong kamangha-manghang karanasan. . . Ngayon, hindi siya tumigil dun. . . Iyon nga ang maganda kay Pablo, siyanga po.

<sup>50</sup> Ang pinag-aaralan natin ngayong gabi ay hindi naman ganoong kalalim. Ito’y mababaw pa lang, subalit, oh, papunta na tayo sa malalalim, maya-maya. Ito nga’y napakababaw na aralin, pero pambungad pa lang ito. At kung ano nga ito, isa itong bagay, na pagdadakila kay Jesus Cristo. Ni Pablo, dito sa pagsisimula.

<sup>51</sup> At bago niya gawin ito, si Pablo ay isa munang mag-aaral ng Biblia. At hindi kailanman isasandig ng isang mag-aaral ng Biblia ang kanyang doktrina sa anumang karanasan. Hindi, po. Hindi nila isasandig ang sarili nilang doktrina sa anumang karanasan. Maaari kang magkaroon ng sari-saring karanasan. Subalit iyon dapat ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Tama po ’yun.

<sup>52</sup> Ngayon, doon sa Lumang Tipan, mayroon silang tatlong iba’t ibang paraan upang makaalam ng isang mensahe. Una, sa pamamagitan ng kautusan, kung ano nga ba ang sinasabi ng kautusan. Tapos, mayroon din silang—silang propeta; isang mapanaginipin; at mayroon din naman silang Urim Thummim. Ngayon maaaring may kalaliman nga ang bagay na ito.

<sup>53</sup> Ang Urim Thummim ay ang pektoral na isinusuot ni Aaron sa kanyang dibdib. Mayroon ’yung labindalawang bato: haspe, sardio, karbungko, at iba pa, na nakalagay roon. Kumpleto sila ng lahat ng labindalawang malalaking bato, na nakalagay roon sa pektoral, at ipinapakita nitong siya ang punong saserdote ng bawat tribo, nitong labindalawang tribo ng Israel. Isinasabit ang pektoral na ito sa haligi ng bahay-sambahan. At sa tuwing magpropesiya ang isang propeta, at gusto nilang matiyak na tama ang kanyang sinasabi, o hindi, ang naturang mga propeta o mga mapanaginipin ay papatayuin sa harapan nitong Urim

Thummim, at sasabihin niya roon ang kanyang panaginip o ang kanyang pangitain, anuman ang nakita niya. At kung ang Sagradong Ilaw... Oh, nakikita n'yo ba 'yun? Ang Diyos ay laging nanahan sa dakong sobrenatural. Ang iba't ibang kulay roon, ang mga ilaw, ay hindi nagbabago hanggang sa magsalita rito ang isang tinig. At kapag tinamaan na ng tinig ang mga batong naroon, kung hindi 'yun sobrenatural, mananatili iyong walang pagbabago. Subalit kung 'yun ay sobrenatural, ang lahat ng mga Ilaw roon ay magsasama-sama at magpapalitaw ng kulay ng bahaghari. Amen. Kaya naman, iyon na mismo ang Diyos na nangungusap, "Iyan ang Aking propeta." "Galing sa Akin ang panaginip na iyan." Kung ano lamang ang naayon sa Urim Thummim ang kanilang pinanghahawakan.

<sup>54</sup> Naaalala n'yo ba noong tumalikod sa pananampalataya si Saul? Sabi niya hindi siya makapanaginip ng kahit ano. At ang propetang, si Samuel, ay patay na noon, at wala na siyang maisip na paraan. Sabi niya, "Ni ang Urim ay ayaw mangusap sa akin." Walang-wala. Tumayo si Saul sa harapan ng Urim, at ang kanyang mga salita ay naging mga walang kabuluhang ingay lang. Kita n'yo? Tinanggihan siya ng Diyos. At ang Urim Thummim, 'yun ang pagpapatibay sa pagkasaserdote ni Aaron. Noong mawala na si Aaron, si Moises, ang—ang pektoral ay iniwan nilang nakasabit doon sa haligi.

<sup>55</sup> Ngayon, nahinto na ang pagkasaserdote ng lahi ni Aaron noong mamatay si Jesus. At ngayon, nang maihiwalay na ang kautusan mula sa biyaya, nananatili pa rin tayong may Urim Thummim. At gamit-gamit Ito noon ni Pablo. Kita n'yo? Ang Urim Thummim sa panahong ito ay ang Imortal, ang Walang Hanggan, ang magpakailanmang Salita ng Diyos. Kita n'yo?

<sup>56</sup> "Sapagkat kung ang sinuman ay mag-alis ng anuman sa Aklat na ito, o magdagdag ng anuman Dito." Ayaw ko ng anumang labas Dito, subalit nais ko ang lahat ng mayroon Ito. Ganyan sana ang Iglesyang nais natin. At ang lahat ng bagay ay kinakailangang mapatunayan sa pamamagitan ng Salita.

<sup>57</sup> Iyon ang dahilan kung bakit nabigo ang ugnayan ko sa mga Pentecostal, dahil, sabi ko, "Hindi ko kasi maunawaan kung saan nila nakuha na ang pagdaloy ng langis mula sa inyong mga kamay, o dugo mula sa inyong mukha, ay tanda na taglay-taglay ninyo ang Banal na Espiritu." Hindi naman 'yun batay roon sa Kasulatan at sadyang hindi ko—ko 'yun matatanggap. Kinakailangan kasing nakabatay ito sa Salita.

<sup>58</sup> At ngayon, si Pablo, sadyang mahal na mahal niya ang Salita. Kaya naman, bago niya ipatotoo ang kanyang dakilang karanasan sa daan, namalagi muna siya roon sa Egipto nang tatlong taon. Naniniwala akong tatlong taon iyon, tatlong taon siya roon sa Egipto. At alam n'yo kung ano sa paniwala ko ang ginawa niya roon? Naniniwala akong kinuha niya ang Lumang

Tipan, at sinaliksik na mainam ang Lumang Tipan, at doon niya nalaman na Iyon nga pala talaga ang tunay na Mesiyas. Kinakailangan niya munang mapatunayan ang karanasan niya sa pamamagitan ng Biblia. Amen. Oh, kayganda!

<sup>59</sup> Tingnan n'yo siya noong siya ay nasa bilangguan. Pansinin n'yo, nagkaroon si Pablo ng—ng pagkakataon nung mabilanggo siya roon nang mahaba-habang panahon. Isinulat niya ang Aklat ng Efeso. Isinulat niya itong Sulat sa Mga Hebreo. Kita n'yo? Nagkaroon siya ng oras. Inilagay siya ng Diyos doon sa bilangguan, at isinulat niya ang mga Sulat na ito para sa mga iglesya. Isa sa iglesya ng Efeso. Sumulat din siya sa iglesyang Pentecostal, marami siyang naging problema sa kanila. Doon sa iglesyang Pentecostal siya nagkaproblema nang higit kaysa sa iba pa niyang sinulatan. At ganoon pa rin hanggang ngayon. Subalit nagpapasalamat pa rin siya para sa kanila. Heto nga't ang nag-iisang bagay na maaari niyang maituro sa kanila. . . . Kapag sila ay nangagkakatiyon: ang isa ay magsasalita ng iba't ibang wika, ang isa ay may awit, ang isa ay may sensasyon, ang isa ay makararamdam ng kakaiba. Hindi siya makapagsalita, makapangusap sa kanila sa, "Walang Hanggang katiyakan." Hindi siya makapangusap sa kanila tungkol sa, "pagtatalaga." Hindi siya makapangusap nang ganun, sila ay mga sanggol. Hanap-hanap kasi nila—hanap-hanap nila ang makaramdam ng kakaiba, o makakita ng kakaiba, o makaranas ng mga ibang klaseng pakiramdam, at, o magkaroon sila ng kung anu-anong maaaring lumitaw sa paligid nila, mga ikatitibay raw.

<sup>60</sup> Subalit naniniwala akong, noong mangusap siya sa mga taga-Efeso, nakapangusap siya nang ganito, "Itinalaga na tayo ng Diyos nang una pa sa pagiging mga anak na lalaki at mga anak na babae, at kinupkop tayo na tulad sa mga anak kay Jesus Cristo bago pa itinatag ang sanlibutan." Tingnan n'yo iyon. Napakaganda!

<sup>61</sup> Masdan n'yo naman kung paano siya nangusap sa Aklat ng mga taga-Roma, at sa iba pa. Hindi na sila mga bata pa. Oh, nangagsasalita rin sila ng iba't ibang wika, tunay nga, at may mga tanda rin sila ng Espiritu Santo sa pagitan nila. Pero hindi sila gumawa ng mga doktrina, at ng mga sensasyon, at ng kung anu-anong pangininginig, at ng mga kakaibang pakiramdam.

<sup>62</sup> Sabi ni Pablo, "Masya-syado na kayong—kayong—kayong namamalagi sa mga bagay na 'yan. Gayong nangararapat na kayong maging mga guro, heto nga't mga sanggol pa rin kayo at nangangailangan ng gatas."

<sup>63</sup> Ngayon, iyan ang lagi kong pinagsusumikapang mangyari sa tabernakulo natin dito, ang hindi maging isang grupo ng mga sanggol. Magpakalago na tayo. Tumayo na tayo roon sa daan. Oh, kayganda! Hayan na nga.

<sup>64</sup> Kaya naman, nagtungo muna si Pablo, roon, para matiyak kung tumutugma sa Biblia ng Diyos ang kanyang karanasan.

<sup>65</sup> Oh, hindi ba't napakainam nun, kung sa panahon natin ngayon, gagawing muli iyon ng mga tao, at ating itutugma ang ating karanasan sa Biblia ng Diyos? Kung hindi tugma, aba'y mali ang ating karanasan; hindi kasi nun napakislap ang Urim Thummim. Kung napakislap nito Iyon, amen, sigurado ka na Rito sa pinanghahawakan mo. Ngunit kung hindi, kahit ano pa ito. . .Hindi ko tinitingnan kahit gaano pa itong tila kaybuti, kahit gaano pa itong tila katotohanan; kung hindi kumislap ang mga ilaw na iyon sa Urim Thummim, mali ito.

<sup>66</sup> At kahit gaanong karami pang karanasan ang naranasan mo, kahit tila ba nasa katotohanan ito, kahit napakaganda ng pagkakalahad nito sa tao, kahit napakaraming mapupulot dito, kahit isa pa itong napakainam na pamamaraan sa pag-akay ng mga kaluluwa; kung hindi nito mapakislap ang Salita, mali ito. Ganun nga po. Dapat itong luminya sa Salita.

<sup>67</sup> Ngayon, naniniwala po ako, na may gitna ang lansangan. Itong lansangan, po, madalas. . .Dati-rati'y dumadalo ako roon sa isang iglesyang Nazarene. Pagpalain ng Panginoon ang mga minamahala nating nagsisidalong roon. Makaluma, binanal na mga Methodist ayan nga sila; church of God, Nazarene, Pilgrim Holiness, at marami pang mga makaluma at binanal na mga iglesya. At lagi nilang inaawit ang awiting ito:

Ako'y naglalakad sa dakilang lansangan,  
Hinahayag ko pumaroon man ako kung saan,  
Na mas nanaisin ko pang ako'y maging isang  
makalumang Cristiano, Panginoon,  
Kaysa anupamang bagay dito sa sanlibutan.

<sup>68</sup> Napakaganda. Napakainam. At doon din ay nangungusap sila patungkol dito sa lansangan ng kabanalan. Ngayon, kung babasahin ninyo roon, hinango nila iyon mula sa Isaias, sa ika-35 kabanata. Ngayon, kung mapapansin n'yo roon, sabi roon, "Magkakaroon doon ng isang lansangan, *at* ng isang daan."

<sup>69</sup> Ngayon po, ang *at* ay isang pang-ugnay. Kita n'yo? Isang lansangan, hindi po sinabing lansangan ng kabanalan. "At iyon nga'y isang lansangan, *at* isang daan, at tatawagin itong, 'Ang daan ng kabanalan,'" hindi sinabing lansangan ng kabanalan. "Ang daan ng kabanalan!" At ang daan sa isang lansangan ay nasa gitna ng naturang lansangan. *Ganito* ang pagkakayari rito upang anurin ng tubig ang mga dumi, sa magkabilang gilid, para mapanatiling malinis ang lansangan. Hindi kasi maaari, na may mga tubig-tubig na nakahambalang doon sa lansangan, anumang oras, lalo na kung hindi tama ang pagkakayari nito. "Ang daan" ay ang gitna ng lansangan.

<sup>70</sup> Ngayon, sa gilid *dito*, kapag nabago na ang buhay ng tao, ang kanilang kaisipan ay nakatuon na kay Cristo. Ang kaso

kung tumaas-taas na ang kanilang pinag-aralan, at nakalimot na sa lagiang pananalangin, sila'y nagiging napakalamig, at matigas, at pormal, at mapagwalang-bahala. At kung sila naman ay medyo naiiba na ang pihit ng pag-iisip, kung hindi n'yo mababantayan, sila'y nagiging napakaradikal at hindi na mapigil, *dito* sa kabilang gilid, kita n'yo, nagagawi sila sa mga sensasyon at mga bagay gaya nito.

71 Ngayon, sa kabila nun, ang tunay na Iglesia ay ang tunay na Ebanghelyong nasa katuwiran, naroon sa mismong gitna ng lansangan. Hindi ito malamig at pormal, ni hindi rin ito isang panatisismo. Ito'y isang napakainam, makaluma, at mainit na Ebanghelyo, ang taos-pusong pag-ibig ng Diyos, na naroon tumatahak sa mimong gitna ng lansangan, tinatawag ang mga naroon sa magkabilang gilid. Tama 'yun. At ganoon dapat. . . At papaano kayo mailalagay roon, Iglesia? Sa pamamagitan mismo ng Salita, ang Urim Thummim.

72 Ngayon, hinangad ni Pablo na mailagay ang iglesyang ito doon mismo sa gitna ng lansangan, kaya umalis siya at pinag-aralan nang tatlong taon ang Mga Kasulatang naroon sa kanya. Kaya naman, naisulat ni Pablo ang napakalaking bahagi ng Bagong Tipan. Ipinagawa ito ng Diyos sa kanya dahil patungo na roon sa panahon ng mga Gentil. Ang Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, ang apat na Ebanghelyo, ay sa mga Hudyo. Heto nga't isinulat ni Pablo ang karamihan sa mga sulat na iyon.

73 Ngayon pansinin n'yo, ngayon, kukunin naman natin itong isa pang tagpo rito, kung saan ay kanyang, isinulat Ito, doon sa bilangguan. At hindi mapasusubaliang nagkaroon nga siya ng karanasan. Ngunit, bago ang lahat, ang karanasang iyon ay dapat munang napagtibay, at ito nga ang pangunahin niyang sulat patungkol dito. Ito 'yung pangunahin niyang sulat. Ang Roma at Efeso, at ang iba pa, mayroon silang kani-kanilang karangalan, subalit ito ang pangunahing sulat.

74 Ngayon, ang buong unang kabanata, ay, pagdadakila kay Jesus, at ibinubukod Siya rito mula sa pagiging isang propeta. Iyon ang kabuuang tema nito. Sisikapin kong bilisan na ito ngayon, para hindi tayo manatili rito nang masyadong matagal. Ang buong tema, ay, ang pagbubukod na narito sa bagong kab- . . . bagong. . . Ang unang kabanata, ay, ang pagbubukod kay Jesus mula sa sinumang propeta, o sa anumang batas, o sa iba pang bagay, at malinaw rito kung Sino talaga si Jesus. Ngayon tingnan n'yo, "Ang Diyos." Simulan natin, sa unang salita rito, "Ang Diyos."

*Ang Dios, nang un- . . . na nagsalita nang unang panahon . . .*

Ibig sabihin ng *Unang* ay "nagdaan," nagdaang panahon.

*...nagsalita nang unang panahon sa ating mga magulang sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta,*

<sup>75</sup> Ngayon, kita n'yo, "Ang Diyos, nang unang panahon, nang nagdaang panahon, Siya ay nagsalita sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta." Sa ganoong paraan nga Niya ibinibigay ang Kanyang Mensahe, sa pamamagitan ng Kanyang propeta.

<sup>76</sup> Isinusugo ng Diyos ang Kanyang propeta gaya nina Elias, Jeremias, Isaias. At kung papansinin n'yo, kailanman sa buong kasaysayan ng mundo, hindi kailanman nagpalitaw ang iglesya ng isang propeta. Saliksikin n'yo sa Lumang Tipan, sa Bagong Tipan, o maging sa panahon ngayon, sa huling kapanahunan. Ipakita n'yo sa akin kung mayroon ngang propeta sa huling kapanahunan ang nagmula sa iglesya. Ipakita n'yo sa akin kung mayroon ngang nanggaling sa ganun, pinalitaw roon. At ipakita n'yo sa akin kung mayroong isang pagkakataon na ang isang propeta, ang isang tunay na lingkod ng Diyos, ay hindi inusig ng makasimbahang sistema ng sanlibutan.

<sup>77</sup> Isipin n'yo itong maigi. Sina Jeremias, Isaias, ang lahat ng naroon sa Lumang Tipan, inusig silang lahat. Sinabi nga ni Jesus, "Ginagayakan ninyo ang mga libingan ng mga propeta at pinapuputi ang mga ito, samantalang kayo ang naglagay sa kanila ryan." Siyanga.

<sup>78</sup> Ipinagpapatuloy ng simbahan ang ganyang gawi. Tingnan n'yo si Saint Patrick. Sinasabi ng mga Katolikong galing siya sa kanila. Mas Katoliko pa nga ako sa kanya kung tutuusin. Siyanga. Subalit sinasabi ninyong galing siya sa inyo.

<sup>79</sup> Tingnan n'yo si Saint Francis of Assisi. Sabi ninyo galing siya sa inyo. Mas Katoliko pa nga ako sa kanya kung tutuusin.

<sup>80</sup> Tingnan n'yo si Joan of Arc. Sinunog ninyo siya sa isang tulusan, gaya ng isang mangkukulam, dahil nakakakita siya ng mga pangitain at siya'y espirituwal. Sinunog n'yo siya sa isang tulusan. At ang babaing 'yun ay sumisigaw sa pagmamakaawa, at kanilang sinunog pa rin sa isang tulusan. Pagkaraan ng mga sandaang taon, napagtanto nilang isa pala siyang propetes. Isa siyang lingkod ng Diyos. Oo, naman, malaki ang kabayaran nun: hinukay ninyo ang katawan ng mga pari at itinapon ang mga iyon sa ilog.

<sup>81</sup> "Ginagayakan nga ninyo ang mga libingan ng mga propeta, samantalang kayo ang naglagay sa kanila roon." Tama. Wala kailanmang lumitaw na tao ng Diyos mula sa makasimbahang sistema; wala noon, wala ngayon, wala bukas. Hindi kailanman naging tema ng Diyos ang organisadong relihiyon.

<sup>82</sup> Ang pinakamatandang organisadong iglesya sa mundo ay ang simbahang Katoliko; si Luther, ang ikalawa; pagkatapos ay dumating si Zwingli; pagkatapos ni Zwingli, dumating si

Calvin; si Calvin, tapos, Anglican, sinundan ng mga Anglo-Saxon, pagkatapos ay iglesyang Anglican; tapos si King Henry the Eight, kinalaban niya ito, at kung anu-ano pang nangyari; at tuluy-tuloy hanggang sa Methodist ni Wesley, tapos ang mga Nazarene, Pilgrim Holiness; at tuluy-tuloy hanggang dulo, ang Pentecostal, lahat ay organisado. At malinaw na itinuturo ng Biblia na ang simbahang Katoliko ang—ang maruming babae, at ang mga iglesyang Protestante at ang kanilang mga organisasyon ay ang kanyang mga anak na babae, sa Apocalipsis 17. Ganoon na nga iyon mismo. Kaya naman sila’y . . .

<sup>83</sup> Hindi ang mga tao, roon. May mga mabubuti roon sa loob ng mga iglesya; mga binanal, mga taong ligtas. Ngunit hindi tinatawag ng Diyos ang Kanyang mga tao sa pamamagitan nitong organisasyon. Tinatawag Niya sila sa pamamagitan ng indibiduwal na pagkatawag. Nakikipag-ugnay ang Diyos sa mga indibiduwal, kayo man ay Methodist, Baptist, Protestante, at Katoliko, o anuman kayo. Ang Diyos, bago pa man itinatag ang sanlibutan, ay kilala na kayo, at itinalaga na kayo nang una pa sa Buhay na Walang Hanggan, kundi man ay dun kayo sa Walang Hanggang pagkapahamak itinalaga nang una pa. Hindi . . .

<sup>84</sup> Hindi Niya niloob na kayo ay mapahamak, na kayo nga’y mangapahamak. Pero, sa Kanyang pagiging walang hanggan, nararapat lamang na nalalaman na Niya ang kawakasan mula pa roon sa pasimula, kundi ay hindi Siya matatawag na Diyos. Kaya nga hindi pumarito si Jesus sa lupa para lang magsabi, “Buweno, titingnan Ko kung may maaantig . . . Kung dadanasin ko ito at mamamatay, pagkatapos mapahirapan pa, baka may mag-isip, ‘Buweno, ako . . .’ Maaantig nito—nito ang kanilang mga puso, at sila’y . . .” Hindi po ganoon ang pamamalakad ng Diyos sa Kanyang gawain.

<sup>85</sup> Naparito si Jesus para sa isang tiyak na layunin, ’yun ay, ang iligtas yaong alam na ng Diyos, bago pa man itinatag ang sanlibutan, na mangaliligtas. Sinabi Niya iyon. Siyanga. Kaya naman kayo’y . . . “Hindi sa may ibig, ni hindi sa tumatakbo; kundi sa Diyos na naaawa.” Sinabi iyon ni Pablo. Ang siya ring nagsabi ng iba pa.

<sup>86</sup> Sabi niya, “Iyon ang dahilan kung bakit masasabi ng Diyos, bago pa man maisilang ang sinuman kina Esau o Jacob, sinabi na Niya, ‘Inibig Ko ang isa at kinapootan ang isa pa.’” Bago pa man maisilang ang alinman sa dalawang bata, alam na ng Diyos na si Esau ay walang prinsipyo, at alam din Niyang si Jacob yaong . . . may pagpapahalaga sa pagkapanganay. Heto nga’t alam na Niya, bago pa man inanyuan ang sanlibutan, ang patungkol dito. Ngayon, malalaman na natin sa ilang saglit kung Sino nga ba itong nakaaalam ng mga bagay na ito. Narito nga ’yun sa kabanatang ito.

Ang Dios, sa *iba't ibang* panahon at sa *iba't ibang* paraan ay nagsalita. . . sa *ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta,*

*Ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ng kaniyang Anak, . . .*

Ano ang ginawa? “Nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ng Kanyang Anak.”

<sup>87</sup> Ngayon, paano ninyo magagawang iisipin, iyon, paanong sa pamamagitan ng propeta? Magkakaroon pa ba tayo ng propeta sa panahon ngayon? Wala pong alinlangan. Mangungusap ba Siya sa pamamagitan nila? Opo naman. Subalit siya rin. . . Ang mga propeta nang iyon nang nagdaang panahon ang Espiritu ni Jesus Cristo.

<sup>88</sup> Ngayon, gawin pa natin itong mas malinaw, 'pagkat sa palagay ko'y hindi pa n'yo ito lubos na kuhang-kuha. Ngayon, gawin natin itong parang Sunday School, para mas lalo nating makuha nang malinaw. Kita n'yo?

<sup>89</sup> Pansinin n'yo. Pansinin natin ang Espiritu ng Diyos na naroon kay Moises noon, ganap siyang. . . siyang umaanino kay Jesus Cristo. Ang lahat ng mga tauhan doon sa Lumang Tipan ay umaanino sa krus. Si Moises, isinilang na isang magandang bata, itinago sa mga tambo, kinuha mula sa mga magulang niya, at marami pang iba, at naging. . . Isa siyang hari, o isang—isang tagapanguna, tagapagbigay ng kautusan, tagapamagitan, saserdote. Lahat ng kung ano siya'y umaanino kay Cristo.

<sup>90</sup> Tingnan n'yo rin si Joseph, pinakamamahal ng kanyang ama, kinapootan ng kanyang mga kapatid, at ipinagbili nang halos tatlumpung pirasong pilak. Itinapon sa isang hukay, inakalang patay na; iniahon. Noong inuusig siya, naligtas ang katiwala ng kopa at napahamak ang tagakatay; dalawang magnanakaw sa krus. At noong lumaya siya roon, umahon siya mula sa hukay, at iniupo sa kanan ng Faraon, ang pinakamalaking komersyong pamamalakad. . . ang—ang—ang bansang dumaig noon sa lahat ng iba pa sa mundo. At walang makalalapit sa Faraon maliban na lumapit sila sa pamamagitan ni Joseph; si Jesus ay nakaupo sa kanan ng Diyos, at walang sinuman ang makaparoroon sa Diyos kundi sa pamamagitan ni Cristo. At noong nilisan ni Joseph ang trono at bumaba, lumapit ang mga tao sa harapan niya, sumisigaw at umiihip ng mga trumpeta, pinatutunog ang trumpeta, nagsasabi, “Magsiluhod kayo! Paparating si Joseph.”

<sup>91</sup> At sa pagparito ni Jesus, isang trumpeta ang tutunog, at ang lahat ng tuhod ay luluhod, at ang bawat dila ay magpapahayag. Siyanga, po. Hayan nga Siya.

<sup>92</sup> At noong namatay si Joseph, nag-iwan siya ng isang bantayog sa kanila na mga naghihintay ng pagliligtas.



<sup>93</sup> Nahawakan ko na noon ang lumang kabaong iyon, hindi pa ganoong katagalan, yari iyon sa tingga. At ang katawan niya ay inilagak sa loob para manatili. . .yaong mga buto niya. . .Sabi niya, “Huwag ninyo akong ilibing dito, sapagkat balang araw, dadalawin kayo ng Diyos.” Siya ay isang propeta. “Dadalawin kayo ng Diyos.” At sabi, “Pagparoon ninyo sa lupang pangako, dalhin ninyo ang aking mga buto.”

<sup>94</sup> Kaya naman, ang isang matandang Hebreo, na bugbog ang likod sa latay at duguan, ay tatanaw lamang sa kabaong 'yun at magsasabi, “Balang araw, lilisan din kami mula rito.”

<sup>95</sup> Nag-iwan si Jesus ng isang bantayog, isang libingang walang laman. Darating ang araw na magpupunta tayo roon sa mga libingan, at ibaba roon ang ating mga mahal sa buhay, at maririnig natin ang mga munting tingkal ng lupang itinatabon, habang may nagsasabing, “Abo sa abo, alabok sa alabok, at lupa sa lupa.” Ngunit, kapatid, maaari naman tayong tumanaw lampas sa karagatan sa kabilang ibayo, doon sa isang libingang walang laman. Balang araw, lilisan din tayo mula rito. Uwi na tayo sa ating Tahanan. Darating na Siya. Ang lahat nitong mga bagay ay nakatipo.

<sup>96</sup> Tingnan n'yo si David, itinakuwil ng sarili niyang bayan, ibinaba sa trono ng kanyang sariling kababayan. Kahit isa siyang hari ng Jerusalem, itinaboy siya palabas ng Jerusalem ng sarili niyang bayan. At habang paakyat siya ng Bundok ng Olibo, lumingon siya at nanangis. Siya ay itinakuwil.

<sup>97</sup> Walong raang taon mula roon, ang Anak ni David, ang Hari ng Jerusalem, ay naparoon sa isang burol at nanangis, 'pagkat Siya ay itinakuwil.

<sup>98</sup> Iyon nga ang Espiritu ni Cristo kay David. Ang lahat ng mga naroon ay umanino sa krus. Silang mga propeta nang unang panahon ay nangusap sa Kanyang Pangalan. Namuhay sila sa Kanyang Pangalan. Kumilos sila sa Kanyang Pangalan. Tunay nga. “Ang Diyos ay nagsalita sa ating mga magulang sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta, pero sa huling araw na ito ay sa pamamagitan ng Kanyang Anak.”

<sup>99</sup> Kaya ngayon ang mga propeta at ang mga espirituwal na tao, sa panahon natin, ay sumasalamin din naman kay Cristo. Sa panahong una, sa pamamagitan ng kautusan sila ay tumayo, tumingin. Sa panahon natin sila ay nakatayo, nakatingin mula sa kabilang direksyon naman, sa pamamagitan ng biyaya.

<sup>100</sup> Ngayon sa Mga Hebreo 11, sa huling kabanata, malimit kong pinagbubulay-bulayan iyon. Sa huling kabanata roon, sa huling bahagi ng ika-11 kabanata ng Mga Hebreo, noong nangungusap siya tungkol kay Abraham. Dito nga sa dakilang kabanata ng pananampalataya, at sa dulo nun, ang sabi roon, “Sila'y nagsilakad na paroo't parito na may balat ng mga tupa't

kambing, na mga salat, at pinaglagari. Nagsilakad sila na paroo't parito, walang mapuntahan, kinamuhian, at inalimura, at inusig. Na sa mga yaon, ay hindi karapat-dapat ang sanlibutang ito para sa gayong mga tao."

<sup>101</sup> Pagkatapos ay tumayo si Pablo at nagsabi, "Subalit sila'y hindi magiging sakdal ng bukod sa atin." Sapagkat tumingin lamang sila sa krus, ngunit tumitingin tayo nang *tagos* sa krus. Napasaatin ang Espiritu ni Cristo matapos magkatawang-tao Nito at nanahan kasama natin. Naparito tayo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na siyang mas napakainam na plano.

<sup>102</sup> At minsan iniisip ko kung ano na ang hinahanap-hanap ng Cristianismo sa panahon ngayon. Ang isang mangangaral na iimbatahan sa isang pagtitipon ay kinakailangan daw na...o kaya naman isang bagong iglesya o isang bagong bigating tao, na inaangking siya raw ay isang propeta, ay magpapaunlak, magsasabi, "Buweno, sige kung bibigyan nila ako ng ganitong karaming pera. Kung bibilhan ako ng pinakamodelong kotse. Kung kanilang...Kung kanilang tataasan ang aking suweldo kada anim na buwan."

<sup>103</sup> Inaasam-asam nating dapat nasa atin ang pinakamaiinam. Inaasam-asam nating dapat nasa atin ang pinakamaiinam na mga matitirhan. Inaasam-asam nating dapat nasa atin ang pinakamaiinam na damit. Ano kaya ang gagawin natin kapag tumayo tayo sa harapan ng mga lalaking iyon na nagsilakad nang paroo't parito, may balat ng mga tupa't kambing, walang mahiligan ang kanilang mga ulo, at nangaliligaw sa mga ilang? At minsan may magtawa lang sa atin ay agad-agad na tayong hihinto sa pagsisimba at magpapasyang hindi na roon babalik. Salat na salat ang Cristianismo ngayon. Dapat tayong mahiya sa ating mga sarili.

O Diyos, mahabag Ka sa amin.

<sup>104</sup> Noong panahong una, nangusap Siya sa pamamagitan ng mga propeta, subalit sa panahon ngayon ay sa pamamagitan na ng Kanyang Anak. Hayun nga ang salita ng propeta, roon. Heto naman ang Salita ng Anak, ngayon. Oh, purihin ang Pangalan ng Panginoon!

<sup>105</sup> Sa madaling sabi, kung sa anino kayo nakatanaw, dito sa negatibo, maaaring magkamali kayo. Subalit Ito ay naproseso na, at malinaw na ang litrato. Dati-rati ay sa pamamagitan ng propeta; ngayon ay sa pamamagitan ng Kanyang Anak. Dati-rati ay sa pamamagitan ng isang negatibo; ngayon ay sa pamamagitan ng isang positibo. Amen. Nakikita n'yo na ba? Huwag po nating palampasin ito. Ito'y isang positibong bagay, sa panahon ngayon sa pamamagitan ng Kanyang Anak. Oh, napakainam talaga!

*...na siyang itinalaga na tagapagmana... (oh, ang ganda)... tagapagmana ng lahat ng mga bagay...*

106 Ano iyon? Iyon ay isang pagtatalaga. Oh, pakinggan n'yo. Siya ay itinalaga, si Cristo, na tagapagmana ng lahat ng bagay. Oh, nalaman 'yun ng diyablo, nung naroon siya sa halaman ng Eden, kita n'yo, noong marinig ng diyablo ang Salitang iyon nang mga sandaling iyon, nung hinatulan ang mga naroon. Sabi, "Sapagkat ikaw ay galing sa alabok; sa alabok ka uuwi; at ang Binhi ng babae ang dudurog sa ulo ng serpiyente." Isang ipinangakong Binhi.

107 Walang tigil na inaabangan ni Satanas ang paglabas ng Binhing iyon. Noong maisilang si Abel, sabi niya, "Hayan na siya, 'yan ang binhi." At pinatay niya si Abel. Ang anak nito, si Cain, ang pumatay kay Abel. At pagkamatay ni Abel, sinabi niya, "Napatay ko na ang binhi." Pinatay niya iyon. Sabi niya, "Napatay ko na rin sa wakas." Subalit, sa pagkamatay ni Abel, siya namang ipinanganak si Seth ang pagkabuhay na mag-uli. Masdan n'yo kung paano iyon nagtuluy-tuloy.

108 Ang lahi ni Seth, nagtuluy-tuloy nga iyon, mula sa isang mapagpakumbaba, at matuwid na lalaki; tuluy-tuloy hanggang kay Enoch; hanggang kay Noah, hanggang umabot sa wakas ng panahon ng pagkagunaw sa baha.

109 Tingnan n'yo naman ang lahi ni Cain, sila ay naging mga marurunong, edukado, siyentipiko. Hindi ba't sinasabi ng Biblia. . . Hindi ba't sinasabi ni Jesus, na, "Ang mga anak ng sanlibutang ito ay matatalino kaysa mga Anak ng Kaharian"? Tingnan n'yo ang panig ni Cain na mapasa-hanggang ngayon: matatalino, edukado, mapagduda, napakarelihiyoso; kita n'yo, napakarelihiyoso, subalit mga siyentipiko, mga tagapagtayo, mga dalubhasang tao.

110 Tingnan natin ang ilang dakilang tao. Tingnan natin si Thomas Edison, at maraming mga dakilang tao. Tingnan natin si Einstein, ang henyo ng mundo, kung ituring, sa panahon ngayon, ang henyo ng mundo. Pero hindi dapat tayo umasa sa paggamit ng utak. Hayaan nating ang Kaisipan na naroon kay Cristo ang sumaatin, at tuminging tayo sa Salita, at kilalaning katotohanan iyon.

111 Yaong mga doktor ng medisina, bagama't saludo tayo sa anumang nagagawa nila, subalit karamihan sa kanila ay puno ng pagdududa, hindi sumasampalataya. Tingnan n'yo ang mga marurunong, mga matatalinong tao sa panahon ngayon. Hayun sila sa kabilang panig, sa panig ni Cain.

112 Subalit tingnan n'yo naman ang mga mapagpakumbaba at maaamo. Meron silang pagkabuhay na mag-uli. Oh, purihin ang Pangalan ng Panginoon. Hayan nga. Pansinin n'yo.

. . . ginawa niya siyang *tagapagmana ng lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan naman niya'y ginawa ang sanglibutan;*

Sino ang gumawa ng sanlibutan? Si Cristo. “Ginawa ni Cristo ang sanlibutan?” Siyanga, po. Tugaygayin pa natin ito nang kaunti.

*Palibhasa’y siyang sinag ng kaniyang kaluwalhatian, at tunay na larawan ng kaniyang presensiya, . . .*

Ang sinag ng Kaninong kaluwalhatian? Kaluwalhatian ng Diyos. Ang tunay na larawan ng Kaninong Presensiya? Sa Diyos. Oh, gustong-gusto ko ito!

*. . . o tunay na larawan ng kaniyang pagka-Dios, at umaalalay ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng salita . . .*

Hayan nga. Ang Salita, na umaalalay sa lahat ng mga bagay. Sinabi ni Jesus, sa Mateo 24, “Ang Kalangitan at lupa ay lilipas, subalit ang Aking Mga Salita ay hindi kailanman lilipas.” Kanyang inaalalayan ang lahat ng mga bagay.

<sup>113</sup> Sinisikap Itong pabagsakin ng Siyensiya, at sinasabi pa, “Lipas na Itong Aklat. Ilang beses na Itong naisalin.”

<sup>114</sup> Maging ang simbahang Romano Katoliko, sabi ni Obispo Sheen, “Naisalin na ’yan nang apat o limang iba’t ibang beses, at wala ka nang makukuhang anuman mula Rito. Ipamuhay mo man ’yan wala rin naman ’yang magiging pakinabang.” Subalit inaalalayan Niya ang lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Amen. Iyan nga ang mapapahayag ko tungkol Dito. Sinasampalatayanan ko ang Biblia.

*. . . ng salita ng kaniyang kapangyarihan, (may kapangyarihan sa Salita), nang kaniyang magawa na ang paglilinis ng mga kasalanan, . . . (tingnan n’yo rito) . . . nakaluklok sa kanan ng Karangalan sa kaitaasan;*

<sup>115</sup> Ano ang sinisikap na gawin dito ni Pablo? Sinisikap niyang ipakita na nilayon ng Diyos ang lahat ng mga bagay kay Cristo, at si Cristo ang tunay na larawan ng Diyos. Ang lahat ng iba pang bahagi ng kabanatang ito ay tumatalakay sa kung papaanong mas mataas Siya kaysa sa mga Anghel, mas mataas kaysa sa lahat ng mga kapangyarihan. Sinasamba Siya ng mga Anghel. Sinisikap Siyang dakilain ni Pablo.

<sup>116</sup> Ngayon, nais kong talakayin lahat . . . Pero kung hindi ko man matalakay ang iba pang narito, nais kong ipabatid na ang iba pang nakasulat rito ay tungkol sa pagdadakila kay Cristo. Sinasabi nga ni Pablo rito, gaya ng naroon sa ika-11 kabanata, at tungkol naman ’yun sa pagsasalaysay tungkol sa sanlibutan. Sabi niya, “Kaninong—kaninong Anghel Niya sinabi, ‘Ikaw ang Aking Anak, Ikaw ay Aking ipinanganak ngayon’?” Kita n’yo?

<sup>117</sup> “Sa katapusan ng sanlibutan, sila ay mangapapahamak. Hahantong sa katapusan ang sanlibutan. Subalit ang. . . At ang lahat ng mga bagay sa sanlibutan ay hahantong sa katapusan.

Kanyang bibilutin silang gaya ng balabal. Sila'y mangaluluma, at mapapalitan, at lilipas. 'Datapuwat Ikaw ay mananatili. Mananatili Ka magpakailanman. Ikaw ang Aking Anak. Ikaw ay Aking ipinanganak ngayon, at hindi mangapapahamak kailanman, at nakaluklok sa kanan ng Karangalan.'"

Ano ang ibig sabihin ng *kanan*? Hindi ibig sabihin, may kanan ang Diyos at may nakaluklok doon. Ang ibig sabihin ng *kanan* ay "kapangyarihan at pamamahala," may pamamahala sa lahat ng bagay sa Langit at lupa. At ang buong Kalangitan at kalupaan ay ginawa sa pamamagitan Niya.

<sup>118</sup> Ngayon, Sino ang dakilang Lalaking ito, ang dakilang Tao na ito? Si Cristo. Dito, ang Diyos sa Ama, Anak, at Espiritu Santo, ay hindi . . . Isang trinidad, subalit hindi Isang trinidad ng mga tao. Isang trinidad ng katungkulan, ng isang Diyos.

<sup>119</sup> Siya ang Ama noon na nangunguna sa mga anak ni Israel. Iyon ang Kanyang katungkulan, ang dakilang Amang Jehovah. At nanahan Siya rito sa lupa, at tinawag na Anak. At ngayo'y nananahan na Siya sa Kanyang Iglesya, at tinatawag na Banal na Espiritu. Hindi po tatlong Diyos; isang Diyos sa tatlong katungkulan: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

Pinipilit ng mga taong gawin Siyang tatlong Diyos, ang Diyos Ama. Iyan ang dahilan, ang mga Hudyo, hindig-hindi n'yo, hindig-hindi n'yo madadala ito sa isang Hudyo, hindi, hindi maaari. Hindig-hindi niya matatanggap 'yan. May utos sa kanya, na, "Ako'y isang Diyos." May iisang Diyos lamang.

<sup>120</sup> Sa Aprika nagbabautismo sila sa tatlong magkakaibang paraan: nagbabautismo sila nang isang beses para sa Ama, at isang beses din para sa Anak, at isang beses para naman sa Banal na Espiritu. Ang Apostolic Faith mission, tatlong beses silang magbautismo, at ito'y paharap, batay raw sa Kanyang pagkamatay. Yaon namang mga Full Gospel sa West Coast, o sa East Coast, nagbabautismo sila nang tatlong beses patalikod, sabi ay batay raw sa Kanyang . . . sa Kanyang pagkakalibing.

At sabi nga ng isa, "Noong mamatay Siya, bumagsak Siya nang paharap."

<sup>121</sup> Sabi naman ng isa, "Sandali lang. Inililibing mo ang tao nang patalikod." Nagkakatalo sila sa mga maliliit na bagay gaya nun, gayong, kapuwa naman sila mali; pareho silang mali, ayon sa Kasulatan.

*Ito ang Urim Thummim. Ito ang nagpapasya.*

<sup>122</sup> Ngayon, halikayo, gawan natin 'yan ng isang larawan para makita natin kung ano—kung ano ang itsura nito, sa gabing ito. Heto na po siya, kung nais n'yo itong makita. Sa loob ng halos magdadalawampu't limang taon ng pag-mimministro ko, pinag-aralan ko 'yun. At madalas kong pinagbubulay-bulayan ang mga kaloob sa iglesya. Ano nga ba ang mga kaloob na iyon?

Panghuhula, pagsasalita ng iba't ibang wika, pagpapaliwanag ng mga wika, Makalangit na kapahayagan, at ang iba pa, ang lahat ng mga ito ay dumarating sa pamamagitan ni Cristo.

<sup>123</sup> Ngayon tingnan n'yo ito. Si Cristo ang Ulo ng lahat ng mga bagay. At Siya ang Ulo ng Iglesia. At nakakita na po ba kayo ng malalaking brilyante? Ang isang napakalaking brilyanteng tinapyasan nang tama, magkakaroon ito ng mga maliliit na tapyas na tinanggal mula rito, tinapyas mula rito. Iyon ang nagpapainam sa brilyante. Para saan ba ang mga tapyas? Ang tunay na brilyante, bago ito lumabas nang tama, bugbog muna ang inaabot nito; ang tunay na brilyante, dumaraan sa ganun.

Nagpunta ako noon sa Kimberley. Marahil, marami sa inyo, ang nakapamalitang maaari kayong makapulot doon ng mga brilyante sa lansangan, tama nga 'yun. Kami ni Billy, at ni G. Bosworth. Sinamahan kami ng presidente ng minahan ng brilyante sa Kimberley, at dinala . . . Naging usher ko siya dun sa pagtitipon ko. At sinamahan nila kami roon. At doon mismo pala . . . Minimina nila ang mga iyon, oh, nasa mga labimpitong daang talampakan pala iyon sa ilalim ng lupa. Pagkahango nila sa mga iyon, isa 'yung asul na bato, malaking asul, gaya nitong asul na batong nakukuha n'yo dito sa atin. At 'yung mga katutubo, kanilang pinabababa sila nang labimpitong daang talampakan sa lupa, para paghirapang minahin ang mga iyon, at mapanatiling mataas ang presyo. Pero kung pupuntahan mo 'yung ilog doon, makikita mong bantay-sarado iyon nang daandaang milya. Kung makapagbibitbit ka nga raw ng dalawang tigsampung galong timba roon, sabi niya, at makasalok dun, mapuno mo 'yun ng—ng buhangin, at kung makakauwi ka pang dala-dala ang mga iyon, multimilyunaryo ka nang bigla, dahil napakaraming brilyante ang mapapasama roon. Subalit sila ay pinahihirapan sa pagmimina ng mga iyon, upang mapanatiling mataas ang presyo ng mga iyon.

<sup>124</sup> Ngayon, ang brilyante, pagkahango rito, isa lamang iyong malaki, makinis, bilog, na para bang, piraso lang ng salamin. May asul na brilyante, itim na brilyante, luluntian, at malinaw na brilyante, puting brilyante. Subalit pagkatapos hanguin . . . At naihanda na ito at maaari nang gamitin, may bahagi dun sa brilyanteng iyon ang kinailangang matanggal. At kailangang matanggalan nga ito ng—ng mga tapyas na mula roon mismo. Kailangang matanggal ang maliliit na mga tapyas, dahil, kapag nasinagan ito ng direktang liwanag, gaya *nito*, kikinang ito. Tapyas, ang nagpapakinang, ang paraan ng pagkakatabas nito. Iyon nga'y tatabasan, tatapyasan, at pagkatapos, kapag handa na, kikislap na ito. At lilitaw roon ang berdeng liwanag, sa kabila naman ay asul na liwanag, at marahil iba pang kulay, luluntiang liwanag, at pulang liwanag. At iba't ibang liwanag ang lilitaw mula rito, gaya ng kulay bahaghari. Ang tawag nila rito, "pagniningas ng brilyante."

<sup>125</sup> Ngayon, ang bawat isa sa mga liwanag na naroon ay kumakatawan sa mga kaloob. Subalit, tanging, si Cristo ang nag-iisang Brilyante. At Siya Yaong pumarito, at nabugbog, at nasugatan, at tinapyasan, nang sa gayo'y Kanyang paaninagin ang Kanyang Sarili bilang Liwanag ng sanlibutan. Siya yaong Punong Brilyante.

<sup>126</sup> Malulubos isipin n'yo ba, bago pa man nagkaroon ng lupa, bago nagkaroon ng liwanag, bago nagkaroon ng bituwin, bago nagkaroon ng anupaman? Naroon na ang isang Dakilang Bukal na bumubukal, ng Espiritu, at lumabas mula sa Bukal na ito ang pinakadalisahay na pag-ibig, dahil wala namang iba pang maaaring magmula pa roon kundi pag-ibig. Ngayon, tayo, ang itinuturing nating pag-ibig, ngayon, ay isang baluktot na pag-ibig. Subalit sa pagtanggap natin ng kapirasong mula roon, o kahit katiting lang na pag-ibig na naroon, binago nito ang buong nating pag-iisip.

<sup>127</sup> Pagkatapos mula roon ay bumukal ang isa pang pagdaloy, mula rito sa pinagmumulang Bukal, ang Brilyante, at tinawang itong katuwiran, ang ganap na katuwiran. Ngayon, iyon nga ang dahilan at kinakailangan nating magkaroon ng kautusan. Iyon ang dahilan kung bakit kinakailangan may paghatol ang kautusan. Kung walang paghatol na nakalakip sa kautusan, walang silbing maidudulot ang kautusan. At kapag naipataw na ng kautusan ang paghatol, na kamatayan ang hatid, walang sinumang makapagbabayad sa kaparusahan kundi ang Diyos Mismo. At Kanyang binayaran na nga ang ating kaparusahang kamatayan, at inari na Niya ang ating mga kasalanan, upang tayo ay maging sa pamamagitan Niya'y katuwiran ng Diyos.

<sup>128</sup> Ngayon, noong lumabas na ang mga kamangha-manghang Mga Liwanag na ito, o ang kamangha-manghang mga sinag ng Espiritu: pag-big, kapayapaan, 'yun lang ang naroroon noon, Doon. Walang paghihirap. Wala roong—wala roong pagkapoot, ni masamang hangarin ay wala; hindi kasi maaaring magmula ang mga iyon sa Bukal. Iyon kasi si Jehovah. Iyon ang Diyos na Jehovah. At ngayon, gaya ng tawag dito ng mga teologo, isang theophany ang lumabas mula Roon, na tinawang, sa Kasulatan, na "Logos," ang Logos na lumabas buhat sa Diyos. Mahirap itong ipaliwanag, subalit bahagi nga Iyon ng Diyos.

<sup>129</sup> Ngayon, ganito ang nangyari. Oh! Paumanhin po. Ako—ako—ako ay tutumbok na po roon, masyado lang po akong nadala sa bahaging ito na gustong-gusto ko. Kita n'yo? Ang Logos, at yaong dakilang Bukal, yaong dakilang Bukal ng Espiritu na walang pasimula o walang wakas; yaong dakilang Espiritu ay nagsimulang magkaroon ng anyo, sa paglalang, at ang Logos na lumabas mula Rito ay ang Anak ng Diyos. Iyon lamang ang tanging nakikitang anyo na mayroon ang Espiritu. At Iyon ay isang theophany, na ang ibig sabihin ay isang katawan, at ang katawan na iyon ay gaya ng isang tao.

<sup>130</sup> Nakita Iyon ni Moises noong dumaan iyon sa . . . tabi—tabi ng bato. At sinilip niya Iyon, at sinabi, “Parang likod Iyon ng tao.”

Iyon rin ang uri ng katawan na matatanggap natin kapag tayo ay mamatay na rito. “Kung masira ang tabernakulong ito na ukol sa lupa, ay mayroon na tayong isa pang naghihintay.” Iyon Ito. At iyon ang theophany na siyang Anak ng Diyos. Ang Anak, ang Logos, ay nagkatawang-tao, sapagkat inilagay tayo sa laman. At ang theophany, ang Logos, ay naging laman, dito sa piling natin, at Ito’y walang iba kundi ang dakong tahanan, sapagkat ang buong Bukal na iyon ay tumatahan sa Kanya. Oh, nakita n’yo na ba? Hayun nga Ito. Ito nga Iyon, na, naroon . . .

<sup>131</sup> Tingnan natin dito. Bumuklat tayo pansumandali sa Mga Hebreo, sa ika-7 kabanata, para sa ilang sandali ng—ng biyaya, kung loobin ng Diyos. Tingnan natin kung ano ang itsura nito rito. Si Abraham!

Ilang minuto na lang po ang natitira? May sampung minuto pa tayo. Sige. Ito na lamang po, tapos tatapusin natin ito sa susunod, sa susunod, o sa Linggo, kung loloobin ng Panginoon.

<sup>132</sup> Si Abraham ay pabalik na noon galing sa paglipol sa hari.

*Sapagka’t itong si Melquisedec, hari sa Salem, . . .*

Ilan dito ang nakakaalam kung saan, sino, ano nga ba ang Salem? Ang Jerusalem nga.

*. . . hari sa Salem, prinsipe ng Kataastaasang Dios, na siyang sumalubong kay Abraham sa pagbabalik na galing sa paglipol sa mga hari, at siya’y pinagpala niya;*

Pakinggan n’yong maigi.

*Na siya namang binahagihan ni Abraham ng ikasangpung bahagi ng lahat; na kung sasaysayin una-una ay ang Hari ng katuwiran, . . . saka ang Hari naman sa Salem, na sa makatuwid, ay ang Hari ng kapayapaan;*

*Na walang ama, walang ina, walang tandaan ng lahi, at walang pasimula ng mga araw, ni katapusan ng buhay man; . . .*

<sup>133</sup> Isang Hari ang bumaba buhat sa Salem, at sinalubong si Abraham sa pagbabalik niya sa paglipol sa mga hari. At ang Haring ito ay walang ama, walang ina, walang pasimula ng mga araw ni katapusan ng Buhay man. Sino ang nakasalubong dito ni Abraham? Ngayon isipin n’yo. Wala Siyang ama; wala Siyang ina. Wala Siyang panahon kung kailan nagpasimula Siya, at wala Siyang panahon kung kailan magtatapos Siya, kaya naman ang siya ring Hari ng Salem na iyon ay tiyak na nabubuhay pa rin mapahanggang ngayon. Amen. Nakikita n’yo ba ito? Ang theophany na iyon ang siya ring Anak ng Diyos na naroon. Ano yaong Salem? Yaong Jerusalem na nasa Itaas, na si Abraham, ay binigyan ng pagkakataon, na hagilapin, hanapin, sikaping hanapin ang Bayan na Ang Nagtayo at Ang Gumawa ay ang



Diyos. Siya ay lumakad na paroo't parito na may balat ng tupa't kambing, kung saan-saang dako, salat, kung saan-saan lumakad, at naghahanap ng isang Bayan na Ang Nagtayo at Ang Gumawa ay ang Diyos. At nakasalubong niya ang Hari ng Salem na iyon, na paparating, at ibinigay niya sa Kanya ang ikasampung bahagi ng lahat ng kanyang mga samsam. Amen. Iyon nga Siya. Oh, Kapatid na Graham, iyon nga Siya. Siya na nga iyon.

Nakita Siyang muli ni Abraham. Isang araw nung nakaupo siya roon sa tolda. Napatingin siya, may paparating sa kanya, at nakita niyang may tatlong lalaking paparating.

<sup>134</sup> Alam n'yo, mayroong isang bagay na katangi-tangi sa isang Cristiano, 'yun ay nakikilala niya ang Espiritu kapag nakikita niya Ito. Pagkakita niya... nakikilala niya ito. Sadyang may Espirituwal na bagay na naroon. Sadya kasing nakikilala ang mga Espirituwal na bagay sa pamamagitan ng Espirituwal na pagkilala. Alam n'yo po. Siyanga po, sadyang makikilala niya ito, kung tunay ngang siya ay naipanganak dito. "Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig."

<sup>135</sup> At sadyang nalalaman niyang may isang bagay na naroon. Tumakbo siya palabas at nagsabi, "Tuloy po, Panginoo ko. Heto po ang maupuan. Maaaring magpahinga muna rito kahit kaunting sandali. Kukuha po ako ng sansubong tinapay nang aking mailagay sa Iyong kamay. Huhugasan ko ang Iyong mga paa. Ipahinga Mo ang Sarili rito, at tapos ay maaari Ka nang magpatuloy sa Iyong paglalakbay, yamang naparito Ka—Ka para sa akin." Doon nga sa tigang na lupang iyon, napakahirap ang paglalakbay, na siya ring lakbaying tinahak ng mga iilang salat ngunit mga pinili ng Panginoo.

Samantala, pasarap-sarap sa masagang buhay si Lot, yaong pamangkin niya sa kabilang dako, kaso nga lang sa kasalanan ito nabubuhay. Ang kadalasan kasing ibinubunga ng pasarap-sarap sa kasaganahan ay kasalanan.

<sup>136</sup> Heto nga't pinatuloy sila ni Abraham, tapos nagdala siya ng kaunting tubig at hinugasan ang Kanilang mga paa. Tapos tumakbo siya roon sa bakahan, at kumuha ng isang matabang guya sa bakahan, at kinatay iyon; ibinigay iyon sa isang alipin, upang lutuin. At sabi, "Sarah, tapayin mo ang iyong harina."

Alam n'yo po ba kung ano ang tapayin, kung ano, ang ibig sabihin nito. Alam n'yo po, nung araw si nanay ay may isang lumang, sinsil na pantapay, at naroon 'yun sa—sa aming gusi ng harina. Nakakita na po ba kayo ng ganun na may kasamang salaan? At 'yung pansinsil mo roon, ipangkakalos mo 'yun ng harina, alam n'yo; at sisiksikin nang *paganooon*, at kakalusin, gaya nito. Lagi kong napapanood si nanay noon, lagi 'yun, at 'yung kanyang sinsil, may pabilog na lalagyan 'yun na yari sa maliliit na alambre para magamit niyang pansala. Sasandukin

niya 'yung harina roon at sasalain nang *paganoon*, alam n'yo, at aalug-alugin iyon nang pabalik-balik, nang *paganoon*. Saka sisinsilin at kakalusin 'yung mga natira, nang *paganoon*, para bumabang lahat iyon. At pagkatapos ay dadalhin na namin 'yung natapay naming harina doon sa lumang gilingan sa amin; at doon sa malalaking gilingan, alam n'yo po, mabigat sa tiyan, ang magagawa mong pan de mais mula roon. Kapag kakain ka nga nun makapaglalahari ka ng troso buong araw, kahit 'yun lang ang kinain mo.

<sup>137</sup> Kaya ang nangyari, sabi, "Magtapay ka ng ilang harina, dali. At magsalang ka rito ng pastel de horno sa pugon, dali." At naggatas din sila ng baka at nakakuha ng ilang gatas. At 'yung nakuha nila, binati nila 'yun, at naging mantikilya. At tapos naparoon sila sa bakahan at nagkatay ng guya at nakakuha sila ng ilang karne, at niluto nila sa mantika 'yung karne. Hinanda na nila roon 'yung gatas, pan de mais, at 'yung mainit-init na pastel de horno ay pinahiran nila sa ibabaw ng mantikilya. Oh, napakasarap nun. At ipinahid nilang lahat ito roon. At inilabas niya iyon, at inihain sa tatlong Lalaki.

<sup>138</sup> At habang kumakain Sila, ilang beses Silang napapaligon sa Sodoma. At pagkaraan ng ilang sandali, nagsitayo na Sila at nagsimula nang magsilakad palayo. At ang sabi niya, itong si "Abraham . . ." sabi, "Hindi Mo ito maililihim sa akin."

<sup>139</sup> "Hindi Ko maililihim sa iyo kung ano ang Aking gagawin. Paroroon Ako. Ang mga kasalanan ng Sodoma ay nakarating na sa Aking pandinig."

Sino ang Lalaking ito? Punung-puno ng alikabok ang buo Niyang kasuotan, at nakaupo roon habang kumakain ng karne ng guyang baka, at umiinom ng gatas ng baka, at kumakain ng pastel de horno at pan de mais, at may mantikilya pa. Sino ba itong kakaibang Lalaking ito? Dalawa, o tatlo Sila, na nakaupo roon. Punung-puno ng alikabok ang buo Niyang kasuotan. Oh, tama nga, "Kami'y nagmula pa sa napakalayong Lupa." Tama nga naman, malayong-malayo talaga. At kaya naman ganoon ang pagkakasabi Niya . . . Buweno, Sino nga ba Sila?

<sup>140</sup> Sabi Niya, "Hindi Ako maglilihim kay Abraham, nakikita Kong siya ang tagapagmana ng lupa." Amen. "Ipinahahayag Ko ang Aking mga lihim," sa madaling sabi kanino, "sa kanila na mga tagapagmana ng lupa." Nasa ganitong kalagayan dapat ang Iglesya ngayon. Siyanga. Kunin n'yo ang mga Lihim ng Diyos, alamin n'yo kung paano dalhin ang inyong sarili, at kung paano kumilos, at kung ano ang mga dapat gawin, at kung paano lumakad, at kung paano mamuhay. Tagapagmana tayo ng lupa. Tama. Kanyang ipahahayag Ito sa inyo, 'pagkat wala Siyang inililihim. Kaya naman binabantayan natin ang pagkasakatuparan ng mga bagay na ito.

Sinasabi ng sanlibutan, “Ah, puro kahibangan lang ’yan.” Hayaan n’yo lang silang sabihin ito. Alam ng tagapagmana ng lupa ang mga bagay na ito. [Blankong bahagi sa teyp—Pat.]

. . . *sapagka’t sila’y tatawaging mga anak ng Dios.*

*Mapapalad sila na mga maaamo: sapagka’t mamanahin nila ang lupa.*

Ipinaaalam Niya ang Kanyang mga lihim sa kanila, ipinahahayag ito sa kanila, ipinakikita sa kanila kung ano ang dapat gawin at kung paano dapat mamuhay, gaya na lamang ng pagtalikod sa mga bagay ng sanlibutan; paglakad nang may kabanalan at pamumuhay nang banal, sa pangkasalukuyang mundong ito, paglakad na kasama Siya. Hayaan n’yo lang ang sanlibutang sabihin ang gusto nilang sabihin.

141 Kaya sabi Niya, “Hindi Ko maitatago ang lihim na ito kay Abraham, sapagkat, nakikita Kong siya ang tagapagmana ng lupa. Pero,” sabi Niya, “Paroroon pa rin Ako upang gunawin ang Sodoma. Paroroon pa rin ako.”

142 “Ano ang gagawin Mo, Ginoo? Saan Ka po ba nanggaling? Ano na nga po ba ang nangyayari?”

143 Nalaman natin doon, na ang sabi Niya, “At isa pang bagay, Abraham, naghintay ka nang dalawampu’t limang taon para sa pangakong ito na ibibigay Ko sa iyo. Naihanda mo nang lahat ang mga lampin, ang—ang mga perdible para roon at lahat ng iba pang kakailanganin, para sa sanggol na ito, dalawampu’t limang taon na ang nakalilipas. Naghihintay ka pa rin sa Akin. Ngayon dadalawin Kita, sa ganitong panahon, ganun na nga, sa ganitong panahon, sa susunod na buwan Ako’y sasaiyo.”

144 At si Sarah, ay naroroon noon sa tolda. At ang Lalaking ito ay nakatalikod sa tolda, nakikipag-usap kay Abraham, nang *paganito*. At si Sarah ay napa, “Huh!”

145 Sabi Niya, “Ano ang dahilan at natawa si Sarah?” Ho-ho-ho! Tingnan n’yo at paano kaya ’yun nangyari? Napakahusay naman nun sa pagbabasa ng isip, hindi ba? “Ano ang dahilan at natawa si Sarah?”

Sabi ni Sarah, “Hindi po. Hindi po ako tumawa.”

146 Sabi, “Oh, siyanga, tumawa ka.” Natakot siya. Nanginginig siya. Sino Iyon, na nagawang malaman kung ano ang ginagawa niya roon sa loob ng tolda? Iyon nga Yaong siya ring Diyos na kasa-kasama natin ngayon. Siya Mismo. Nalalaman Niyang lahat ng bagay. Kita n’yo? Ipinahahayag lamang Niya ito ayon sa pangangailangan mo. Kita n’yo?

147 “Ano ang dahilan at tumawa ka?” Kita n’yo, nakatalikod Siya noon. Sinabi iyon doon sa Biblia, na, “Nakatalikod Siya sa tolda.” Ngunit, nalaman pa rin Niya. “Ano bang ginagawa ni Sarah, doon sa tolda, at natatawa siya nang *paganito*, kita n’yo?”

Pagkatapos nun, sabi Niya, “Dadalawin Kita.”

<sup>148</sup> Sino ang kakaibang Taong ito? Alam n’yo ba ang nangyari pagkatapos? Lumakad Siya palabas at naglaho na lang bigla. At ang sabi ng Biblia Iyon ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, si Jehovah, yaong dakilang Bukal, yaong Theophany, yaong Logos.

<sup>149</sup> Sabi sa akin ng isang mangangaral, kamakailan lang, sabi, “Kapatid na Branham, huwag mong sabihin sa aking iniisip mong yaon ang Diyos, ano?”

<sup>150</sup> Sabi ko, “Pero sinabi sa Biblia ang Diyos Iyon, si Elohim.” At, Siya ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ang El Shaddai, siyanga, ang Tagapagbigay-Kalakasan, at ang Tagapagbigay-Kasiyahan. Amen.

<sup>151</sup> Oh, ako nga’y lubos na napupuspos sa mga oras na ito! Isipin n’yo iyon, ngayon, kung sino Siya ngayon. Ipakikita ko sa inyo kung Sino Siya rito, nang sa gayo’y makita n’yo kung Sino nga ang Anak. Iyon nga si Jesus, bago Siya nagkaroon ng pantaong Pangalan na, “Jesus.”

<sup>152</sup> Nakatayo sila roon sa harap ng bukal noong araw na iyon. At nagsisiinom silang lahat, alam n’yo, at, “Nagsiinom sila ng mga tubig sa ilang,” gaya nga nun. Sabi Niya . . . “Nagsikain sila ng mana.” Tapos, may nagsabi, “Nagsikain ang mga magulang namin ng mana sa ilang, sa loob ng apatnapung taon.”

<sup>153</sup> Sabi Niya, “At sila’y, bawat isa sa kanila, ay nangamatay.” Sabi, “Ako ang Tinapay ng Buhay na bumabang galing sa Diyos, galing sa Langit. Ang sinumang kumain ng Tinapay na ito ay hindi na mamamatay.”

<sup>154</sup> Sabi, “Buweno, ang aming mga magulang ay nagsiinom din naman mula sa Espiritu, mula sa isang espirituwal na Bato na nasa ilang, na pumapatnubay sa kanila.”

<sup>155</sup> Sinabi Niya, “Ako ang Batong iyon.” Luwalhati! San Juan, sa ika-6 na kabanata.

“Aba,”sabi nila, “ano?”

“Oo. Tama ang narinig n’yo.”

<sup>156</sup> “Aba,” may nagsabi dun, “Ikaw ay . . . Ni wala Ka pa ngang limampung taong gulang.” Oo naman, medyo pinatanda na ng Kanyang gawa ang Kanyang itsura, ngunit tatlumpung taong gulang pa lang Siya. Sabi, “Ni hindi Ka pa nga lumalampas ng singkuwenta, at sinasabi Mong nakita Mo na si Abraham, na magwawalo o siyamnaraang taon nang patay? Ngayon ay napatunayan na naming Ikaw ay isang diyablo.”

<sup>157</sup> Sabi Niya, “Bago ipinanganak si Abraham, ay AKO NGA.” Ayan nga Siya. Sino ang tinutukoy na AKO NGA? Na isang walang hanggang Pangalan sa lahat ng salinlahi. Iyon ang . . . ang Haliging Apoy na naroon sa nagniningas na palumpong,

“AKO YAONG AKO NGA.” Ayan nga Siya, ang Theophany na Kanyang ginawa roon, na tinawag na Anak ng Diyos, ang AKO NGA, ang Jehovah.

<sup>158</sup> Sinabi ni Tomas, “Panginoon, ipakita Mo sa amin ang Ama at sukat na ito sa amin.”

<sup>159</sup> Sabi, “Malaon nang panahong Ako’y inyong kasama, hindi mo pa rin Ako kilala?” Sabi, “Kung nakita ninyo Ako, nakita n’yo na ang Ama. Bakit sinasabi mo pang, ‘Ipakita sa amin, ipakita Mo, ang Ama’? Ako at ang Ama ay Iisa. Ang Aking Ama ay tumatahan sa Akin. Ako yaong tabernakulo na tinatawag na Anak. Nananahan sa Akin ang Ama. Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawa, kundi ang Aking Ama na tumatahan sa Akin. Siya ang gumagawa ng mga gawa, hindi Ako.”

<sup>160</sup> Ngayon, sa pagkakatayo niya roon, balikan natin uli iyon, nung nakita Siya ni Moises, ang Kanyang likurang bahagi, ang sabi niya, “Parang likod iyon ng tao,” yaong Logos na lumabas buhat sa Diyos.

<sup>161</sup> Pagkatapos ano ang nangyari? Heto nga ang Diyos. At ang nangyari nga’y buhat sa Logos Siya ay naging laman. . . . Ano? Papaano n’yo ’yun. . . ? Ano nga ba ang nangyari roon? Limang minuto bago ’yun, isa muna Siyang. . . . Siya muna yaong Logos. Subalit ano ang ginawa Niya? Inunat ang Kanyang bisig. . .

<sup>162</sup> Ngayon, ang mga katawan natin ay binubuo nitong labing anim na iba’t ibang makalupang elemento. Alam natin ’yan. Binubuo ito ng potash, at—at meron—at meron ding calcium, at—at petroleum, at cosmic light, at mga atom, at marami pa. Pinagsama-sama itong lahat, upang mabuo itong katawan, na galing doon sa alabok ng lupa. Tapos kakain kayo ng pagkain. Sa tuwing kakain kayo ng pagkain, ’yun ay nagiging. . . . alabok uli, at manggagaling na naman sa alabok, at paulit-ulit lang—lang ito. Ang inyong laman, kung iisipin, ay walang kinaibahan doon sa laman ng kabayo, o ng baka, o ng anupaman. Laman at laman pa rin ito.

<sup>163</sup> At, naku, masyado n’yong binibigyan ng pagpapahalaga ang laman; gayong ang espiritung ’yan ay may kaluluwa sa loob nun, kapatid ko. Tama po ’yun. Samantalang alabok lang ng lupa ang laman mong iyan, gaya ng sa hayop. Ang inyong laman ay walang pinagkaiba sa laman ng hayop. At kung magnasa kayo sa laman at sa bagay na nakikita n’yo, magnasa sa kababaihan, magnasa sa lahat ng iba’t ibang mga bagay na ito, hayop pa rin ito. Siyanga. Siyanga. Hindi n’yo dapat gawin iyon. Papatnubayan kayo ng Espiritu ng Diyos na magpatuloy at kayo ay ilalagay sa isang mas mataas na dako kaysa roon. Iyan po ang katotohanan.

<sup>164</sup> Ngayon, heto, ang dakilang Theophany na ito ay nakatayo roon. Alam n’yo. . . . Yaong dakilang Diyos na Jehovah, alam n’yo ang sabi Niya? Inunat ang Kanyang bisig at dumakot ng ilang

atom, kumuha ng kaunting liwanag, at ibinuhos ito sa Kanya na parang *ganito*, tapos sabi, “Whew,” isa na ’yung katawan, at pumasok mismo roon. Ganoon po.

<sup>165</sup> Sabi, “Halika rito, Gabriel,” ang dakilang Arkanghel. Heto, “Whew.” “Pumasok ka *riyan*.”

<sup>166</sup> “Halika rito, Miguel,” ang Anghel sa kanan Niya. “Whew.” Heto rin . . . “Pumasok ka *riyan*.”

<sup>167</sup> Ang Diyos, at ang dalawang Anghel, naparito sila na nasa katawang tao, at uminom ng gatas na mula sa baka, kumain ng mantikilyang mula sa gatas, at kumain ng ilang pan de mais, at kumain ng karne ng guya. Dalawang Anghel at ang Diyos. Iyon ang sabi ng Biblia. Iyon si Melquisedec, na nakasalubong ni Abraham, sa pagbabalik niya galing sa paglipol sa mga hari. Iyon nga ang Anak ng Diyos.

<sup>168</sup> Tingnan naman natin, dito sa Mga Hebreo, sa ika-7, sabi rito, “Datapuwat naging katulad ng Anak ng Diyos.” Heto nga Siya. Ginawa Niya ang lahat ng bagay sa pamamagitan Niya. At lumakad na Siya palayo, at sa isang iglap ay ibinalik yaong alabok sa alabok muli, at lumiban na muli sa Kaluwalhatian.

<sup>169</sup> At ang mga Anghel, pagkaligtas nila kay Lot at Gng. Lot, at palingon-lingon ito. Sabi Niya, halina kayo at pabayaang n’yo na sila. At lumiban na sila pabalik sa—sa Presensya ng Diyos.

<sup>170</sup> Ngayon, napakadakila talaga nitong pag-asa na nakamtan natin sa dakilang Pananampalatayang ito na pinaglilingkuran natin ngayong gabi! Ang buhay na Diyos, and Jehovah, ang Haliging Apoy, ay naritong kasa-kasama natin. Ipinakikita ang Sarili Niya na may kapangyarihan, at pagkilos, at kadakilaan. . . Nabigyan sila ng pagkakataong kunan Siya ng Litrato, ang siya ring Jehovah. Ang Anak ng Diyos na nagbuhat sa Diyos, ay bumalik sa Diyos, at nanahan magpakailanman sa Kanyang Iglesya. Hayan nga Siya.

<sup>171</sup> Taglay Niya ang ating mga pangalan sa Kanyang Aklat, na may sinumpaang pangako sa pamamagitan ng Kanyang Sarili, dahil wala nang hihigit na pangakong mapanunumpaang Niya, liban sa ibabangon Niya tayo sa huling araw. “Ang kumakain ng Aking Laman, at uminom ng Aking Dugo, ay may Buhay na walang hanggan, at Akin siyang ibabangon sa huling araw. Ang sinumang magsisilapit sa Akin, sa anumang paraan ay hindi Ko itataboy. Ang dumirinig ng Aking Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, at hindi na mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan.”

<sup>172</sup> Ang gagawin Niya na siya ring Yaon ay inuunat ang bisig at dumampot ng sandakot na calcium at potash, heto, “Whew,” at hayan na ’yun uli. At ang pangalan ko ay naroon sa Kanyang Aklat. Ho-ho! Ho-ho-ho-ho! Ikababahala ko pa rin ba kung

mahukot na nang husto ang mga balikat ko, dahil tumatanda na ako? Hinding-hindi po. Hindi na ako mababahala.

<sup>173</sup> Kapatid na Mike, isa sa mga araw na ito, tagos sa puso kang pagpapalain, kapatid, pagdating ng dakilang trumpelang iyon, ang tunog na iyon, at humakbang na sa inyo yaong Joseph. Hallelujah! Sasabihin Niya, “Mga anak!” “Whew.” Doon nga kayo papunta, aanyuan kayo sa Kanyang wangis; batang-bata magpakailanman, wala nang katandaan; ang mga sakit, mga problema, mga kalumbayan ay maglalaho na. Luwalhatiin ang Diyos na buhay!

<sup>174</sup> Ayan nga Yaong Siya na nangungusap sa pamamagitan, ngayon, ng Kanyang Anak. “Siya na nagsalita nang Unang panahon at sa iba’t ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta, subalit sa huling araw na ito ay sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Cristo Jesus. Nangungusap Siya sa puso ng bawat tao na Kanyang tinawag. Kung madama na ninyo ang Kanyang Tinig o marinig na Siyang kumatok sa inyong puso, sana’y huwag ninyo Itong tanggihan.

Manalangin tayo.

<sup>175</sup> Makalangit na Ama, sa gabing ito, lubos kaming nagagalak na malaman, sa pagbubukas nitong Sulat sa Mga Hebreo, kung papaanong binalikan ni Pablo ang mga Ebanghelyo. Sadyang hindi siya mananalig sa sabi-sabi o sa anumang karanasan. May paghahangad siyang malaman namin kung ano nga ba ang Katotohanan. At binalikan niya ang mismong mga Ebanghelyo, at kanyang . . . binalikan ang Lumang Tipan, ang Ebanghelyong ipinangangaral sa kanila noong panahong iyon. At nakita niya, sa pamamagitan ng Lumang Tipan, ang lahat ng mga anino at mga tipo. Kung kaya’t taglay na namin itong dakilang Aklat ng Mga Hebreo ngayon pong gabi. At kitang-kita na namin Ito, Panginoon, at gustong-gusto namin Ito. At sa iba’t ibang mga kapanahunan, Ito nga’y sinunog, Ito nga’y itinapon, sinubukan Itong sirain, subalit tuluy-tuloy pa rin Itong namamayagpag. Sapagkat Iyo ngang sinabi, “Ang kalangitan at lupa ay lilipas, datapatuwat ang Aking Mga Salita ay hindi lilipas.”

<sup>176</sup> At sasabihin po ng mapag-alinlangan, “Buweno, sabi mo, ‘Isinulat man ito ni Pablo.’” Hindi ni Pablo, kundi ng Diyos na nakay Pablo; ang malikhaing Diyos na nasa loob ni Pablo.

<sup>177</sup> Katulad lamang po nung nakay David, noong sinabi niya, “Hindi Ko titiisin ang Aking Banal na makakita ng kabulukan, ni hindi Ko man iiwan ang Kanyang kaluluwa sa sheol.” At pinangyari ng Anak ng Diyos ang Mga Salitang iyan mula sa propelang iyon, at nagtungo sa kailaliman ng impiyerno. At nagsabi, “Gibain ninyo ang tabernakulong ito, at Aking itatayo Ito muli sa tatlong araw.” At ginawa Niya iyon, sapagkat hindi maaaring mabigo ang Salita ng Diyos; hindi maaaring mabigo ang isa mang katiting na bahagi. Lubos ang pasasalamat namin

sa Diyos para rito, sa dakilang Urim Thummim pong ito, at pati ang malaman na ang aming mga karanasan ngayong gabi, Panginoon, ay kumikislap dito mismo sa Biblia! Kami'y mga naipanganak na pong muli, taglay na ang Espiritu Santo.

<sup>178</sup> Mahal naming Diyos, kung may sinumang lalaki o babae na naririto ngayong gabi, batang lalaki man o batang babae, na hindi pa nakasasaksi nito, papaano po silang ibabangon kung walang Buhay na nasa kanila? Oh, sasabihin nila, “May Buhay naman ako.”

<sup>179</sup> Subalit ang Biblia ang nagsabi, “Ang nangagpapakabuyo sa mga kalayawan ay patay bagama’t buhay. Sinasabi mong may Buhay ka nga, subalit ika’y patay. Iginigiit mo,” sabi ng Biblia, “na mayroon kang Buhay, subalit ika’y patay. Sinasabi mong ika’y mayaman at hindi nangangailangan ng anuman; subalit hindi mo nalalamang ikaw ang maralita, at dukha, at hubad, at bulag at hindi mo nga ito nalalaman.” At ganyan na ganyan ang kalagayan ng mga iglesya sa gabing ito, Panginoon. Kanila ngang napalalampas ang mga dakila, at mahahalagang bagay na ito.

Ang malaman ngang ang dakilang Diyos na Jehovah, na makagagawa lamang sa pamamagitan ng... Sinabi Niya, “Dalhin ninyo sa Akin ang mga maliliit na isdang iyan.” Kinailangan Niyang kunin ang isda upang-upang makagawa ng isang bagay sa pamamagitan niyon. Ipinapakita nito, na ang pagkabuhay na mag-uli ay kinakailangang may isang bagay, upang makagawa ng isang bagay sa pamamagitan nito. Hindi lang Siya lumikha ng isda, kundi lumikha Siya ng lutong isda; nagluto Siya ng tinapay. At pinakain Niya ang limang libong tao sa pamamagitan ng limang maliliit na isda... maliliit na tinapay at dalawang isda. O Panginoon, iyon ay nasa Kanyang mga kamay, at Siya ang Manlilikha. Subalit kinailangang may bagay Siyang hawak-hawak sa Kanyang kamay.

Diyos, nawa’y mailagay po namin ang aming mga sarili sa Kanyang mga kamay, ngayong gabi, at masabi naming, “O Diyos, kunin Mo akong buong-buo. At kung ang aking buhay ay magwawakas na ngayon, pauwiin Mo akong taglay ang pag-asang ito sa kaibuturan ko, ngayong nalalaman kong ako’y naipanganak nang muli, at ang Iyong Espiritu ay nagpapatoo sa akin, at pinatotohanan ang aking espiritu, na ako nga po’y Iyong anak na lalaki, o ang Iyong anak na babae.” At sa huling araw na iyon, ibabangon Mo sila. Ipagkaloob Mo po ito, Ama.

<sup>180</sup> At habang nakayuko ang ating mga ulo, mayroon po ba ritong magtataas ng kanilang kamay, magsasabi, “Isama mo ako, Kapatid na Branham, sa panalangin. Nais kong makilala ako ng Diyos sa panahong... bago ko lisanin ang lupang ito, na ako’y makikilala Niya nang lubos nang sa gayo’y tawagin Niya ako sa pangalan. Ako’y tutugon.” Pagpalain ka ng Panginoon anak.



Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw; at ikaw, binibini. May iba pa po ba? Itaas lang po ninyo ang inyong kamay. Sabihin, “Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham.” Iyan nga ang gagawin natin. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Mabuti ’yan.

<sup>181</sup> Ngayon, habang nakayuko ang inyong ulo, nananalangin, aawitin ko ang isang talata ng awit na ito.

Covet not this world’s vain riches,  
That so rapidly decay,  
Build your hopes on things Eternal,  
They will never pass away.

Hold to God’s unchanging hand.  
Hold to God’s unchanging hand.  
Build your hopes on things Eternal,  
Hold to God’s unchanging hand.

<sup>182</sup> Habang patuloy sa pagtugtog ang ating kapatid na babae, at nakayuko ang inyong mga ulo, maaari po ba ninyong iunat ang inyong kamay pataas, at sabihin, “Opo, Panginoon, narito na po ang aking kamay”? Para saan ito? Ipinakikita nito na ang espiritu n’yo, sa loob n’yo, ay nakapagpasya na. “Nais ko ang Iyong kamay, Panginoon.” Pagpalain ka ng Diyos, munting batang babae. “Itataas ko ang aking kamay.” Pagpalain ka ng Diyos, munting batang babae, na narito sa ibaba. Mainam ’yan, iha. Ang Diyos, alam mo, ay lugod na lugod na makita kang nakaganyan. “Pabayaang ninyong magsilapit ang maliliit na bata sa Akin.”

<sup>183</sup> “Nais ko, Diyos, na hawakan Mo ang kamay ko. At sa araw na iyon, nais kong ako’y nasa Iyong kamay; na, kapag tumawag Ka, ay lalapit ako.” Opo, kagaya ni Lazaro. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae.

When our journey is completed,  
If to God you have been true,  
Fair and bright your home in Glory,  
Your enraptured soul shall view.

Ano na ang gagawin n’yo ngayon, sa pagkakataong ito?

Hold to God’s unchanging hand.  
Hold to God’s unchanging hand.  
Build your hopes on things Eternal,  
Hold to God’s unchanging hand.

<sup>184</sup> Makalangit na Ama, ilang mga kamay po ang nagsipagtaas, dito sa munting pagtitipon namin, ngayong gabi, at nais nilang panghawakan, ngayong gabi, ang Iyong hindi nagbabagong, Walang Hanggang kamay. Ngayong nalalaman namin na kung anuman ang mailagak sa Iyo . . . sinabi Mo, “Aking . . . Ang lahat ng ibinigay ng Ama sa Akin ay magsisilapit sa Akin, at walang mawawala sa kanila. At ibabangon Ko sila sa huling araw. Hindi maaaring mapahamak, hindi maaaring mahatulan,

bagkus magkakaroon ng Walang Hanggan, Walang Hanggang Buhay.” At may iisa lamang na Walang Hanggang Buhay. Iyon ngang nanggagaling sa Diyos, lamang. Iyon ang Diyos. At kami ay naging bahagi ng Diyos, yamang kami’y mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Ngayong nasa amin na ang Espiritu ng Diyos, ang mga isipan nami’y gaya na ng sa Diyos. Iniisip na namin ang katuwiran at kabanalan, at kami rin ay nagsusumikap na makapamuhay nang ikalulugod Niya.

<sup>185</sup> Ipagkaloob Mo, Panginoon, na ang uri ng Buhay na iyon ay pumasok sa bawat isang nagtaas ng kanilang kamay. At ang mga nagtaas sana ng kanilang mga kamay, pero hindi naman nakapagtaas, dalangin ko na Ikaw ay sumakanila. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. At kapag nasa hangganan na ang paglalakbay, hangganan na ang buhay, pumasok nawa kami sa kapayapaan sa araw na iyon, kasama Niya, kung saan wala na kaming pagtanda, wala nang pagkakasakit, wala nang problema. Hanggang dumating ang araw na iyon, panatilihin Mo kaming masigla at masaya, nagpupuri sa Kanya, sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

<sup>186</sup> Lahat ng mga mananampalataya, ngayon, itaas po natin ang ating mga kamay at awitin natin yaong koro.

Hold to God’s unchanging hand.  
 Hold to God’s unchanging hand.  
 Build your hopes on things Eternal,  
 Hold to God’s unchanging hand.

Ngayon ihiging natin ito. [Sinimulang ihiging ni Kapatid na Branham ang *Hold To God’s Unchanging Hand*—Pat.]

<sup>187</sup> Habang humihiging tayo, bumaling po tayo sa ating katabi; sabihin n’yo, “Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.” Kamayan n’yo ang inyong katabi. “Pagpalain ka ng Diyos.” Sa magkabilang gilid n’yo. Sa magkabilang gilid po, makipagkamay po tayo. “Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Sumaiyo ang Diyos.” Ang inyong pag-asa’y itayo sa mga bagay na Walang Paglaho.

Doc, alam kong naroon ito, kapatid. Alam kong nanggaling ka na roon, Kapatid na Neville, matagal nang panahon.

When this journey is completed,  
 Mangyayari nga ito, isa sa mga araw na ito.  
 If to God we have been true,  
 Makikita natin doon si Kapatid na Seward.

Bright and bright, your home in Glory,  
 Your enraptured soul shall view.

Hold to God’s unchanging hand.

Gusto ko ang ganitong pagsamba, pagkatapos ng mensahe.

Hold to God's unchanging hand.  
 Build your hopes on things Eternal,  
 Hold to God's unchanging hand.  
 Time is filled with swift transition,  
 Naught of earth unmoved shall stand,  
 Build your hopes on things Eternal,  
 Hold . . .

Masdan natin Siya ngayon, Yaong hindi nakikita na narito  
 sa kalagitnaan natin ngayon, at lubos Siyang sambahin ngayon  
 habang tayo ay umaawit.

Hold to God's unchanging hand.  
 Hold to God's unchanging hand.  
 Build your hopes on things Eternal,  
 Hold to God's unchanging hand.  
 Peace! Peace! Wonderful peace,

Lubos natin Siyang sambahin ngayon.

Coming down . . .

Tapos na po ang mensahe. Tayo ngayo'y sumamba.

Sweep over our spirit forever, I pray,  
 In the fathomless billows of love.

Bumabad tayo sa presensya Niya.

Peace! Peace! Wonderful peace,  
 Coming down from . . .

Ang dakilang Bukal na iyon, Ito ngayo'y bumubukal.

. . . above;  
 Sweep over our spirit forever, I pray,  
 In the fathomless billows of love.

Hindi ba't sadyang gumagawa ito ngayon sa atin?

Wonderful peace,  
 Coming down from our Father Above;  
 Sweep over our spirit forever, I pray,  
 In the fathomless billows of love.

Hindi ba't may kung anong bagay Rito, na sadyang sagana  
 at kaytamis?

<sup>188</sup> Mayroon kayang maysakit dito na nagnanais mapahiran at  
 maipanalangin. Kung mayroon, manatili lang po kayo sa lugar  
 ninyo. Ang binibining nariyan sa silyang de gulong? Huwag  
 n'yo na siyang palapitin dito. Ako na ang lalapit sa kanya, at  
 ipanalangin ko siya. Huwag n'yo na siyang alalayang tumayo  
 sa silya. May iba pa po ba?


Oh, hindi ba't gustong-gusto n'yo rin ang bahaging ito ng  
 gawain? Ilan dito ang damang-dama, alam na alam na naririto  
 ang Presensya ng Diyos ngayon? Iyan ang ipinangungusap ko.  
 Ang Siya ring. . . Nadarama n'yo bang. . . Ilan sa atin dito ang

parang gustong sumigaw nang malakas? Tingnan natin kung ilan. Ang pakiramdam n'yo ay para bang may bagay sa inyo na nais ninyong isigaw. Kita n'yo?

It's peace! Peace! Wonderful peace,  
Coming down from the Father Above;  
Sweep over my spirit forever, I pray,  
In the fathomless billows of love.

Shine on me,

<sup>189</sup> Habang sumasamba tayo, papahiran na natin ang mga may sakit ngayon, at ipananalangin sila. Maaari ka bang lumapit sa gawing ito, binibini?

<sup>190</sup> Ano nga po ba ang ibig sabihin nito? “Ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa may sakit.” Ang bawat isa ay manalangin ngayon, ihiging n'yo ang awitin. Isipin n'yo si Jesus na nagpapagaling sa mga maysakit. Pahiran na po natin siya ng langis. 

*ANG AKLAT NG MGA HEBREO*

Ang labing-isang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham na orihinal na ipinangaral sa Ingles mula Agosto 21 hanggang Setyembre 22, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice Of God Recordings.

TAGALOG

©2016 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**

**P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.**

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)